Tagalog
63-0724

Babala Bago Paghatol

Warning then Judgement

July 24, 1963
Jeffersonville, IN

Ipinangaral ni
William Marrion Branham

www.biblebelievers.org/messagehub

Ang aklat na ito ay malayang maipalilimbag at maipamamahagi, ngunit hindi maaaring ipagbili, ayon sa sinasaad ng lisensya sa ilalim ng Creative Commons (by-nc-nd) na matatagpuan sa www.CreativeCommons.org.

Babala Bago Paghatol

1 "Tumawag ng sampung libong mga Anghel, samantalang isa lang ay sapat na upang wasakin ang sanlibutan; ngunit namatay Siya alang- alang sa iyo at sa akin." Parang diyan nakabatay ang nais kong ipangaral na Mensahe para sa Linggo ng umaga, kung loloobin ng Panginoon, tungkol sa, " Ano ba si Cristo?" [Si Cristo Ang Hiwaga ng Diyos na Nahayag, Ang Daan ng Biblia, Bol. 1, BIg. 2 -Ed.] At ngayon, inaasahan natin na muling aawitin ng mga batang babaeng ito ang awiting iyon para sa atin sa Linggo ng umaga Brother Wheeler, totoong nais kong sabihin na talagang napakagaganda ng dalawa mong anak na babaeng iyan, at ang kanilang pananamit, at wala silang make-up at lahat na. Mukha silang mga Cristiano para sa 'kin, at ganoon din sila kung umawit at kumilos. Napakainam niyon.

2 Wari ko'y sinabi ko sa asawa ko nung isang araw;totoong napakalinis tingnan ng mga kababaihan natin dito; pinahahalagahan ko iyan. Ang kanilang naghahabaang mga buhok at malilinis na mga mukha at disenteng- disente ang bihis nila. Hi -hi -hinahangaan ko kayo sa tuwing papasok ako rito. Ang sabi ko kay Meda, "Nais ko silang pahanayin minsan at kunan ng litrato para maipakita ko sa ibang mga simbahan kung ana ang paraan ng iglesia natin dito," iyon ay, kapag nagsalita tayo ng mga bagay na ito, sumusunod sila. At nagagalak tayo. May nagagawa iyan sa atin. Alam nating kapag tayo'y -tayo'y humihiling, kung hindi tayo binabagabag ng ating puso, alam nating pinakikinggan tayo ng Diyos.

3 Sa umagang ito, isang kaibigan ko, na nasa isang lugar na napakalayo rito, ay nakahiga, itinakbo siya at talagang -talagang halos ay wala nang buhay, inakala nilang mamamatay na siya sa loob lamang ng ilang minuto. Tumawag sila; madaling araw na noon. Bumangon ako sa higaan, at doon sa sahig ay nagsimula akong manalangin para sa matandang iyon at nagawa ko sa biyaya ng Diyos, na makontak ang espiritung iyon, at heto't nagbalik iyon. Umayos na siya, at muling nagbalik ang ulirat (Kita n'yo?), kasama pa rin natin siyang nabubuhay sa gabing ito para sa kaluwalhatian ng Diyos. Iyon ay ang matandang kapatid natin na si Brother Dauch, siyamnapu't isang taong gulang na, dalawampu -dalawampu't isang taon na ang inilampasniya sa lakbayin ng buhay. Ngunit ang Panginoon ay mabuti at puspos ng awa, kaya't nagpapasalamat tayo para dito.

4 Ngayon, Brother Neville, tinitingnan namin ang isa't-isa; at alam ko na kakaunti na lang ang -isang gawain na lang marahil ang ilalagi ko rito, at iyon ay sa Linggo. At ngayon, ayaw kong kunin ang pagkakataon sa aking pastor; gustong-gusto ko siyang naririnig na nangangaral. Noong Linggo ng gabi,

nang mangaral siya, sinasabi ko sa inyo, nagpunta ako rito kasama ang isang kaibigan ko, sa isang drive-in para kumain ng sandwich pagkatapos noon, sina Brother Evans at Sister Evans ay naroroon, at nakita namin si Brother at Sister Sothmann doon. Si Brother Sothmann at lahat sila ay pumupuri sa napakagandang mensaheng iyon. At sinasabi ko sa inyo, iyon ang ipinamuhay ko sa buong sanlinggo, halos. At ang ilan sa mga papuri ay tungkol sa ostrich na nag-akalang nakapagtago na siya. Ngayon, totoo 'yon,

na kapag ibinaon niya ang ulo niya sa lupa, gayunman ay nakalabas pa rin ang buo niyang katawan. Kaya, ganiyan din tayo minsan. Itinatago natin ang ulo natin sa kung anong bagay, laging may. ..Marahil ay kitang-kita pa rin tayo, alam n'yo. Nakikita Niya ang bawat buhay natin. Kita n'yo? Kaya nga talagang pinahahalagahan ko iyon.

5 Ako... Pagkatapos ay naisip ko, buweno, nais kong mangusap sa iglesia at naisip ko, buweno, ako -ako ...Lagi na kayong nakakausap ni Brother Neville, kaya kapag naririto ako ay dumadaan ako. Ayaw kong maging isang ipokrito, kung wala namang tawag sa akin o anuman, na uupo lang ako sa bahay samantalang bukas ang simbahan dito. Ako -kailangan kong ...Nais kong pumarito dahil mahal ko kayo. Sinasabi ko sa inyo, ako -totoong parang ...Hindi ko kasundo ang klima rito at ako'y ...At ang lalawigan ay hindi ko kasundo, at allergic ako sa hangin dito. Sa sandaling tumama sa akin ang hangin, kaagad na sumasama ang pakiramdam ko (kita n'yo?) at wala kang magawa para malunasan ito. At ako ...At hindi maganda ang pakiramdam namin, sino man sa amin, kapag naririto kami. Halos, lahat kami ay hindi maganda ang pakiramdam mula pa nang maparito kami, 'pagkat nasanay na kami sa klima sa mataas na lugar.

6 Ngunit ngayon, ang isang bagay na humahatak sa akin dito ay kayong lahat. (Tama 'yan.), kayong lahat. Alam n 'yo, marami kayong makikilalang mga kaibigan, na aking pinagpapasalamatan nang lubos. Sa pakiwari ko, ako'y. ..Kung bibilangin ko ang mga tao na personal kong kilala, marahil ay aabot ng milyun-milyon sa buong mundo. May isang kumarkula niyon at marahil ang mga taong personal kong kilala ay aabot sa sampung milyon. Ngunit may kung ano sa- sa tahanan, sa isang grupo ng mga tao. Sila'y talagang ...Lahat tayo ay mayroon niyan; may mga espesyal na tao sa buhay ninyo. Alam n 'yo, iyan ang paniwala ko. Kung hindi, bakit 'espesyal ang asawa natin sa atin? At bakit-bakit ang ating.. .Kita n'yo? Tayo'y ...Ang mga asa-asawa natin, at ang iba pa, bu -bukod-tangi sila. At ganoon din sa mga kaibigan. May kung ano sa kanila na lagi mo silang gustong makita at makausap. May mumunting bahagi sila.

At naiisip ko ang dating sapang ito kung saan nakatayo ang iglesiang ito, at bago ito maitayo rito, walang kahit ano rito maliban sa isang -isang sapa. Iyan

ang dahilan kung bakit naroroon sa malayo ang daan dahil nilihis iyon sa sapang iyon. Ang totoo ay sakop pa ito ng kalsadang nasa tabi ng pintuang iyan. At -ngunit dati iyang tubigan. At naaalala ko pa nang maparito ako at naghahanap ng mapagtatayuan ng simbahan para sa Panginoon, at batang-bata pa ako noon.

7 At pinakinggan ko ang mga ito, ang taong ito at ang isa pang ito sa gawing ito, habang nananalangin siya kanina, nang buong sigla. Sa loob- loob ko, "Alam mo, dati ay ganiyan din ako manalangin, halos hindi ako humihinga." At kapag pala tumatanda ka na, medyo bumabagal ka na, alam n'yo, at gano'n. Nakakakilos ka pa rin, ngunit nasa "pangalawang kambiada" ka na gaya ng sinabi ko kay Brother Woods na naririyan ngayon. Ngunit, at habang ...At pagkatapos ay bababa nang husto ang kambiada mo, pagsapit mo sa sitenta o otsenta anyos, wari ko. Ngunit, alam n'yo, ang ...nakakakilos ka pa rin. Ang mahalaga ay nakakakilos ka pa rin, ano ba ang kaibahan no'n? Mas matagal nga lang nang kaunti bago ka makarating.

8 Naaalala ko pa kung paano akong nanalangin noon, at dito mismo sa damuhang ito, dito mismo kung saan nakatayo ang pulpitong ito ngayon, dito nga iyon, dito ako nagbaon ng kapirasong kahoy para alam ko kung saan ko ipupuwesto ang pulpito. Ibinigay sa akin ng Panginoon ang lugar na ito. Opo. Ngayon, diyan sa panulukang bato, nariyan ang aking patotoo tungkol sa isang pangitaing nakita ko nang umagang ilatag ko iyon, habang halos ay hindi pa ako makapag-isip noon, at ang sabi, "Hindi sa iyo ang tabemakulong ito, ngunit gawin mo ang gawain ng isang ebanghelista, " ang sabi Niya. Tumingin ako sa labas at nakita ko ang buong mundo roon, at ang maliwanag na bughaw na kalangitan, at mga taong galing kung saan- saan; nakapatong iyon sa panulukang bato riyan. Hindi ko akalaing mangyayari iyon, kahit pa nga sinabi iyon ng pangitain; ngunit hindi iyon nabibigo, mangyayari talaga iyon sa anu't-anuman.

9 Napakaraming nakipanayam sa akin sa linggong ito, dahil noong Linggo, ang mabiyayang Presensiya ng Panginoon ay bumaba. At dapat sana 'y nakaalis na ako noong Lunes.

Ako'y. ..Hindi pa kami nakapagbabakasyon, ng mga bata. Saka na lang ako magbabakasyon, saka na. Ngunit gusto kong bigyan ang mga anak ko ng kaunting panahon. Kailangan na nilang bumalik at pumasok sa eskuwela ngayon, kaya't naisip kong magandang pagkakataon ang linggong ito, dahil nahaharap ako sa gawain sa susunod na linggo sa Chicago. Ngunit ang -ang pahid ng Espiritu, sa loob-loob ko, "Ngayon na ang panahon para magdaos ng mga panayam." Ngayon ang pagkakataon upang ang mga ito -upang magbigay ako ng panahon sa ilan sa mga iyon. At may... Nakikita ko ang ilan sa mga

taong nakaupo rito ngayon na naroroon kanina sa silid. Alam nila kung totoong kinatagpo kami ng Panginoon o hindi.

10 Nakapagtataka na bawa't isa maliban sa isang babae na binigyan ni Billy ng puwang noon, isang babaeng taga Louisville, may anak siyang babae na naririto noon. Wari ko 'y kabilang sila sa Church of God sa Louisville, o kung ano man iyon. Ngunit sa bawat kaso, bawa't isa sa kanila na nagsipasok, bago ako umalis ng bahay, ay sinabi na sa akin ng Espiritu Santo kung sinu-sino ang mapaparito, at kung ano ang itatanong nila. At isinulat ko sa kapirasong papel kung paano nilang itatanong ang mga iyon, at kung paanong masasagot ang mga iyon. Pagkatapos ay sasabihin ko sa kanila, "Ganito ang iyong ...Tingnan mo ngayon, ilang minuto pa lang ang nakalilipas dito, kung ano ang sinabi ng Espiritu Santo..." Aabot ako sa mesa at magsasabi, "Kita mo? Sinabi na Niya sa akin ito bago ka pa dumating." Kita n 'yo? Ngunit habang nasa bahay pa ako, alam ko na kung sinu-sino ang darating, at kung tungkol saan iyon, at kung ano ang magiging asal nila, bago pa ako makaalis ng bahay.

11 Maraming ulit Dang nangyari ang gayong pagkakataon, kung kailan ay paparating na ako sa daan, nananalangin ako; makakakita ako ng isang hanay ng panalangin na daraan sa aking harapan at malalaman ko ang mga pangalan ng lahat ng taong nasa pila, bago pa ako makarating doon. Kita n 'yo? Tama 'yan. At ginagawa nga Niya iyon. At alam ko kung saan sila magsisiupo sa simbahan at kung ano ang kanilang ...kung ano ang suot nilang damit at kung ano ang magiging hitsura nila. Hindi mo na kailangang sabihin sa mga tao ang lahat ng mga bagay na gaya no'n. Ikaw... May mga pangyayaring sadyang hindi mo masabi sa kanila. Hindi na kailangang sabihin pa sa kanila. Ang sinasabi ko lang sa mga tao ay ang mga bagay na sa palagay ko ay makatutulong sa kanila, kapag inudyukan ako ng Panginoon na sabihin sa kanila, halimbawa, "Sabihin mo ito." Hindi mo nanaising sabihin lahat ng nakita mo, dahil hindi iyon wasto (Kita n'yo?); ikaw ay. ..anupa't, masusuot ka sa gulo at lahat na. Kailangan ay alam mong dalhin ang mga ganoong bagay sa pamamagitan ng Espiritu ng Panginoon.

12 May mga taong tumatayo sa harapan ko at nagtatanong sa akin ng mga katanungan, alam na alam ko iyon, ngunit hindi ko masabi sa kanila, dahil napipigilan ako. Natatandaan ba ninyo, wari ko'y noong nakaraang Miyerkules ng gabi ay nangaral ako ng "Isang Bilanggo" [Ang Binigkas na Salita, Vol. 2 No.8-Ed.] Kita n'yo? Kita n'yo, nais mong sabihan ang tao, ngunit may nagsasabi sa iyo na, "Huwag mong gagawin iyan." Ang Espiritu ay nagsasabi, "Huwag. Huwag mong gagawin iyan." Gayon man ay may kaloob na nakakakita nito nang malinaw. Kita n'yo? "Huwag. Huwag." Kita n'yo, kaya't

Oh, isa sa kanila, isa sa kanila,

Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila!

Purihin ang Panginoon. Amen. Para tayong mga bata, walang pagiging pormal sa atin. Ang Diyos ay walang anyo (form). Tama ba iyon? Opo.

Isa sa kanila, isa sa kanila;

Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila,

Oh, isa sa kanila, isa sa kanila;

Laking tuwa't ako'y isa na sa kani ...

104 Totoo bang maligaya kayo at kaya n'yong sabihin iyon? Itaas lang ninyo ang inyong kamay, sabihin n'yo, "Purihin ang Panginoon. [Magkasabay na sinabi ni Brother Branham at ng kongregasyon, "Purihin ang Panginoon." -Ed.] Nagagalak ako na isa ako sa kanila. Nagagalak akong makipag-isa. Panginoong Diyos, labis akong nagagalak. Isa sa kanila, isa sa kanila, laking tuwa't ako'y isa na sa kanila. O Diyos, tulungan Mo kami na maging gayon. Tulungan Mo kami na mapanatiling nagliliwanag ang Ilaw, Panginoon, habang nagmamartsa kami pasulong sa Sion. Itulot Mo po ito, Ama. Sa Ngalan ni Jesus, inaalay namin ang aming mga buhay sa Iyo para sa isang paglilingkod. Amen. Amen.

Susulong sa Sion;

Malapit na tayo sa Sion,

Magkikita tayo sa Sion.

Ang Bayang hinanda ng Diyos.

Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila;
Isa sa kanila, Isa sa kanila;
Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila.
Kapatid nawa'y danasin mo,
Ang biyayang ito;
Liligaya ka sa piling Niya't
Magbabagongbuhay;
Puso mo'y sadyang mag-aalab
Sa kapang ...(Itaas natin ang ating mga kamay);
Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila!
Sabay-sabay tayo:
Isa sa kanila, Isa sa kanila;
Laking tuwa't ako'y isana sa kanila,
Oh, isa sa kanila, isa sa kanila,
Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila!
103 Pakinggan n'yo uling mabuti. Kita n'yo?
Bagama't di nakapag-aral, (Hindi sila tapas ng kolehiyo)
At di sila sikat,
Nalubog sila sa Ngalan Niya, (Ang pagpapala ng Pentecostes)
Tinanggap ang pangako Niya.
Labat sila ngayo'y humabayo, (sa bawa't nugnog at sulak)
Nagpapatotoo;
Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila.
Oh, awitin natin ito, iglesia.
...la, isa sa kanila,
Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila;
Oh, isa sa kanila, isa sa kanila;
Laking tuwa't ako'y isa na sa ...
Kunin n'yo ang inyong mga panyo ngayon:
Isa sa kanila, isa sa kanila;
Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila,

makabubuting huwag mo nang gawin iyon; kung magkagayon ay magkakaproblema ka sa Diyos.

13 Ngayon, hindi tayo naparito sa gabing ito para lang tumayo rito. Nais nating pakinggan ang Salita ng Panginoon. Nananalangin kayo, at nagkaroon tayo ng napakainam na panahon, at -at ako'y ...Sa tuwing paririto ako, alam kong lagi kong dala ang munting aklat na ito ng mga teksto 'pagkat may. ..Kung minsan ay nagiging napakabiyaya ni Brother Neville at lagi niya akong tinatanong, "Maaari bang gawin mo ito, o gawin mo ang gayon, o mangaral ka?" At titingin ako rito hanggang sa makakita ako ng isang teksto at doon natin iyon sinisimulan. At natitiyak kong. ..Ngayon, tiyakin ninyong sa Linggo ...

Ngayon, hindi ko ...Hindi natin alam, hindi natin masabi. Kita n'yo, kung minsan ay nagpupunta ako rito na may -may naiisip akong teksto na nais kong ipangaral, at pagdating ko ay bigla iyong nababago. At may mga isinulat akong mga Kasulatan, ganito ang sasabihin ko, gagamitin ko ang mga Kasulatang ito. Sa pagkakasunod-sunod nila, sasabihin ko ang ganito, ganoon o ang iba pa." Isinusulat ko, gaya ng I Corinto 5:15, at II Corinto 7: 1, at Mateo 28: 16, at iba pa, inilalagay ko iyon nang paganoon, paganito, at isinusulat ang mga Kasulatang iyon. At titingnan ko iyon, at alam ko kung ano ang isinasaad ng Kasulatan doon; minsan ay ni hindi ko, nga nasasagi iyon, nagiging ibang-iba ang kinalalabasan. At sadyang hindi natin alam.

14 Kaya ngayon, kung loloobin ng Panginoon, nais kong mangusap, sa pagwawakas ng munting seryeng ito ng mga gawain simula nang maparito ako, noong Linggo ng umaga, tungkol sa isang napakahalagang bagay. Kaya't ngayon, pumarito kayo nang maaga, at nakahanda kayong hapunin, marahil ay mga alas dos, mga gano'n. Kaya ito'y ...May -may mga tatlumpu o apatnapung mga Kasulatan ang naisulat ko na tungkol sa paksang iyon, ngunit sa palagay ko ang ... Ang susubukan kong gawin, kung tutulungan ako ng Espiritu Santo, ay ang sapuhin ang Mensahe at ipuwesto Iyon kung nasaan na iyon ngayon, at dalhin Iyon sa pinagmulan, at dadalhin Iyon sa kasalukuyan.

15 Upang kapag u -umalis ako patungong Chicago, pagkatapos ay kailangan kong tumuloy sa Arizona, at magtutuluy-tuloy. At maaaring, sa abot ng nalalaman ko, maaaring sa susunod na taon muli, marahil ay sa susunod na tag-araw, bago ako makababalik sa Tabernakulo, maliban na lang kung mapapadaan ako ritong muli, 'pagkat may mga idadaos akong mga gawain. At si Billy, ay kasalukuyang nagtatrabaho sa ibang bansa para isaayos ang isang pandaigdigang paglalakbay, na magsisimula pagkatapos na pagkatapos ng Pasko. At puno na ang imbitasyon ko hanggang mga Disyembre, at buweno, marahil sa unang linggo ng Disyembre, ay sa Dallas naman. Kaya't sa -sa

Enero naman ay nais nating pasimulan ang isang pandaigdigang paglalakbay, sa buong mundo, palibot nang husto, at isinasaayos na natin iyan ngayon, inaalam kung saan tayo aakayin ng Panginoon. At lu -lubos akong nagpapasalamat sa ...maging sa mga tao, ang mga ministro, kahit pa nga marami akong nasasabi laban sa kanilang -sa kanilang mga denominasyon at mga bagay na gaya no'n ...

16 Alam n 'yo, sa mga aklat na nakalapag sa gawing iyan, si Brother Roy Borders ang nag-aasikaso ng mga imbitasyon, at simula pa nung Pasko at noong pagpasok ng taon, ay umaabot na sa mahigit isang libo ang mga imbitasyon mula sa buong mundo. Isang libong imbitasyon na ang pumasok diyan. Kaya't sadyang kailangan akong gabayan ng Panginoon kung alin sa mga iyon ang dapat kong puntahan, at kung ano ang dapat gawin. Nagtitiwala lamang tayo sa Kaniya. Hindi mo maaaring paunlakan ang lahat. Hi -hindi mo nga kayang balikatin ang higit sa walo o sampu sa kanila sa loob lamang ng isang tag-araw kung talagang kailangan, sa isang -sa isang kumpletong ...malibang magdaos ka ng isang gabi rito at isang gabi roon, at iyan ay ... Ang hiling nila ay dalawa o tatlong linggo, at iba pa, hangga't magagawa mong manatili, o ang sabi naman ng iba, "habang pinangungunahan ka ng Panginoon," at -at gano 'n, kaya't hindi mo talaga alam kung kailan magsisimula at kung ano ang gagawin. Kaya ipinauubaya na lang natin ang mga ito sa Panginoon, at ang sinasabi natin, "Ngayon, Kayo po ang magsabi sa amin, Makalangit na Ama." At tulungan ninyo akong idalangin ang tungkol sa bagay na ito (Kita n'yo?), tulungan n'yo akong manalangin na maidaos natin ito.

17 At naisip ko, pagkatapos ng gawaing pagpapagaling noong nakaraang

Linggo, marahil sa Linggong ito kung makapagtuturo tayo at mailalabas natin ito at maipapakita natin kung anong -anong oras na ang ating kung nasaan na tayo, kung ano -kung ano -kung ano -kung ano ang -ang tatlong luping layunin ng dakilang plano ng Diyos, bago pa itatag ang sanlibutan, at dadalhin natin iyon sa araw na ito, ang tatlong luping plano ng Diyos, ang plano. Inaayos ko na ang ikalawang bahagi nito ngayon, kumukuha ako ng mga Kasulatan, at hinahanap ko ang mga iyon at ipinupuwesto ko ang mga iyon.

Ngayon, tingnan natin, yumuko tayo sandali.

18 Panginoong Jesus, ang dakilang Pastor ng kawan, nagkatipon kami rito ngayon sa Iyong mabiyayang, banal na Pangalan. Mahal Ka namin, Panginoon, at pinasasalamatan Ka namin para sa gabing ito ng prayer meeting para sa mga himno ng iglesia, dahil inawit namin ang mga iyon nang may galak sa aming mga puso, at -at narinig namin sila habang pumapasok sila, nagpapalakpakan. At pagkatapos ay nagsiluhod kami at lubos na ibinuhos ang

Gagawin Niya rin ngayon,

Sa mga nanalig sa Ngalan Niya!

Isa sa kanila, isa na sa kanila;

Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila. Isa sa kanila, isa sa kanila;

Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila!

101 Makinig kayo sa saknong na ito:

Bagama't di nakapag-aral,

At di sila sikat,

Nalubog sila sa Ngalan Niya,

Tinanggap ang pangako Niya.

Lahat sila ngayo'y humahayo,

Nagpapatotoo;

Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila.

Oh, isa sa kanila, isa sa kanila;

Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila;

Isa sa kanila, oh, isa sa kanila,

Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila,

Kapatid nawa'y danasin mo,

Ang biyayang ito;

Liligaya ka sa piling Niya't

Magbabagong buhay;

Puso mo'y sadyang mag-aalab

Sa kapangyarihan Niya;

Laking tuwa't ako'y isana sa kanila! (Nagagalak ba kayo dahil dito?)

Isa sa kanila, isa sa kanila;

Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila,

Oh, isa sa kanila, isa sa kanila,

Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila!

102 Oh, hindi ba kayo nagagalak? Magkamayan tayo sa isa't-isa kapag inaawit natin iyan. Ano sa palagay n'yo? Tena't gawin natin.

Isa sa kanila, isa sa kanila;

sabi niya, "nasaan ang ..." Ang sabi niya, "Dapat ay may bitbit kang maleta sa iyong kamay."

Ang sabi ko, "Iniwan ko iyon doon sa Peabody Hotel."

Ang sabi niya, "Sabi na nga ba't may dala kang maleta." At ang sabi

niya, "Naghihingalo na ang anak ko."

Ang sabi ko, "Ang pangalan ko ay Branham."

Ang sabi niya, "Ikinagagalak ko kayong makilala, Parson Branham."

Ang sabi ko, "Nananalangin aka para sa maysakit. Nabalitaan mo na ba ang tungkol sa aking lingkuran?"

Ang sabi niya, "Hindi. Sa palagay ko'y hindi pa." Ang sabi niya, "Tutuloy po ba kayo?" At pumasok ako roon, nakahiga roon ang malaking lalaking iyon. Sinisikap ko siyang bahagian ng tungkol sa Makadiyos na pagpapagaling, ngunit hindi siya roon interesado. Nais niyang marinig na sabihin ng anak niya na ligtas na siya, at banda na siyang mamatay. At ang sabi niya ...At iniligtas siya ng Diyos.

At pagkalipas ng isang taon ay nakita ko siya roon, nakasuot ng pulang sumbrero doon sa istasyon. Kung gumawa nga naman ang Panginoon!

At nang magbalik ako, pagkatapos noon, dapat kasi ay ...Dapat sana ay ikapito ang alis ng eroplano, at kalahating oras na makalipas ang ikasiyam noon. At sumakay ako ng taxi at nagbalik. At pagpasok ko, ang sabi, "Huling tawag para sa flight number ganito't-ganoon." Pinigilan ng Diyos ang eroplanong iyon sa ibaba habang naroroon ako't nananalangin sa lalaking iyon. Kita n'yo? Iyon na 'yon.

100 Iniisip ko ang awiting iyon, "Isa sa kanila." Iyon na nga iyon. Oh, malakas talaga 'pag inaawit namin iyon, at pumapalakpak kami. Ang sabi namin:

Isa sa kanila, isa sa kanila;

Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila; (Aleluia.)

Isa sa kanila, isa sa kanila;

Laking tuwa't ako'y isa na sa kanila!

Nagkatipon doon sa itaas,

Nagsisidalangin.

Espiritung Banal ay dumating,

Nalango lahat sila.

At kung ito'y ginawa ng Diyos noon;

puso namin sa Iyo, at pinasalamatan Ka namin sa lahat ng ginawa Mo para sa amin, at -at hinihiling namin na patuloy Mo kaming samahan.

At ngayon, sumapit na ang oras ng pagbabasa ng iyong Salita at ng pangungusap sa mga tao. Patnubayan Mo po ang mga kaisipan namin, Ama, at kunin Mo po ang kaluwalhatian. At mangusap Ka ng isang bagay sa gabing ito, sa pamamagitan namin, na makakatulong sa aming lahat na lumisan sa lugar na ito na may layunin sa aming puso na mabuhay nang higit na mabuti at higit na malapit sa Iyo kaysa dati. Iyan ang dahilan kung bakit kami naririto, Panginoon, naririto kami upang mas marami pa kaming malaman tungkol sa Iyo. At dalangin namin na ilantad Mo ang dakilang Persona Mo sa amin ngayong gabi sa kapahayagan ng Iyong Salita, upang malaman namin kung paanong ma -maging mas mabubuting Cristiano at -at kung paanong dapat kumilos sa mga huling araw na ito. Hiling namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen.

19 Ngayon, ang paningin ko ay nakatuon sa isang teksto rito sa Isaias 38. Bumasa tayo sa Isaias, sa Isaias 38:

Nang mga araw na yaon ay may sakit na ikamamatay si Ezechias. At si Isaias na propeta na anak ni Amoz ay naparoon sa kaniya, at nagsabi sa kaniya, Ganito ang sabi ng Panginoon, Ayusin mo ang iyong sangbahayan; sapagka't ikaw ay mamamatay, at hindi mabubuhay.

Nang magkagayo'y ipinihit ni Ezechias ang kaniyang mukha-sa panig, at nanalangin sa Panginoon,

At nagsabi, Idinadalangin ko sa iyo; Oh Panginoon, na iyong alalahanin, kung paanong ako'y lumakad sa harap mo sa katotohanan, at may dalisay na puso, at gumawa ng mabuti sa iyong paningin. At si Ezechias ay umiyak ng di kawasa.

Nang magkagayo'y dumating ang salita ng Panginoon kay Isaias, na nagsasabi,

Ikaw ay yumaon, at sabihin mo kay Ezechias, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Diyos ni David na iyong magulang, Aking dininig ang iyong panalangin, aking nakita ang iyong mga luha: narito, aking idaragdag sa iyong mga kaarawan ang labing limang taon.

20 Nawa ay basbasan ng Panginoon ang pagbabasang ito. Isa itong napakahalagang paksa para sa isang maikling mensaheng ito, sa palagay ko. Nais ko itong pamagatang, ("Hindi Hahatulan ng Diyos ang Tao nang Hindi Muna Siya Bababalaan.") At tayo'y -tayo'y -kailangan nating makuha ang -ang panlikod na larawan nito o ang tungtungan nito. sa tekstong ita ngayong gabi, binabalaan muna ng Diyos ang tao bago siya dalhin sa kaniyang kamatayan. Ngayon, bawa't isa ay mayroon nito.. Maaaring sabihin natin, "Buweno, ang taong ito ay namatay nang walang babala." Hindi, hindi, hindi. Ang Diyos ay hindi ...Hindi mo alam kung ano ang nasa puso ng taong iyon; hindi mo alam

kung ano ang maaaring nangyari sa buhay niya. Kita n'yo? Hindi dinadala ng Diyos ang isang tao sa kaniyang kamatayan nang hindi muna siya nababalaan tungkol doon, sinasabihan muna siya, isa iyong paghahanda. Ang Diyos ay -ay kataas-taasan sa lahat, at ku -kumakatok Siya sa puso ng bawat tao, binibigyan siya ng pagkakataong dumulog. Ngayon, maaari Siyang magbabala nang magbabala at tanggihan Iyon ng tao, at -at umiling siya at lumayo, at magsabi, "Ah, isa lamang itong kakatwang damdamin, lilipas din ito." Ngunit gayunpaman ang Diyos iyon, ang Diyos na nangungusap sa kaniya.

21 At hinding-hindi magpapadala ng kahatulan ang Diyos sa lupa nang hindi muna Niya binabalaan ang mga tao. Kita n'yo. Hindi gumagawa ang Diyos ng anumang bagay nang hindi muna Niya ipinahahayag kung ano ang napipinto Niyang gawin. At pinamimili Niya ang mga tao, at maaari - maaari kang gumawa nang tama o ng mali. Iyan ang Kaniyang ...Hinding- hindi babaguhin ng Diyos ang Kaniyang -Kaniyang kalikasan. Ang palatuntunan Niya ay hindi maaaring maiba sa kung ano ang kaniyang pinasimulan, dahil siya ay infinite at ang Kaniyang programa at ang Kaniyang mga kaisipan ay pawang sakdal. Kaya kapag binago Niya iyon, nagpapakita iyon na may natutunan Siyang mas maganda. Kaya't dahil Siya ay infinite, hindi Siya maaari pang matuto ng higit pa. Ang una Niyang kapasiyahan ay laging sakdal, at walang anumang maaaring bumago nito. Kita n'yo?

Ang Diyos, bago pa magkaroon ng pagkakataong magkamali ang -ang

tao, inilalagay Niya siya sa isang kalagayan kung saan ay maaari siyang tumanggap o tumanggi, maaari siyang tumanggap o hindi.

22 Halimbawa, siyanga pala, kung ang ministrong iyon ay naririto, si Brother Baker, wari ko'y naroroon siya sa -sa pakikipagpanayam nung isang araw, nasa akin ang katanungang isinulat niya tungkol sa binhi ng serpente. Nakalapag ang mga iyon dito. Kung naririto siya, aba, buweno ...Hindi ko siya makita sa ngayon. Ngunit naririto iyon. Siya at ang kaniyang asawa, isang napakabuting lalaki at -at babae, ngunit hin - hindi nila maunawaan ang ilang mga bagay tungkol sa katuruang binhi ng serpente, kung paanong -paanong -may ilang katanungan sila tungkol sa sinabi ko, at -at pati na sa mga sermong sumunod doon, at -at nangusap ako tungkol sa -sa pagkabuntis at sa iba pa. Ngunit ako'y ...At katulad din iyon ng kapatid na lalaki, isang mabuting tao, dalawang taon pa lamang siyang-Cristiano, ngunit hindi talaga niya maunawaan. Kita n'yo?.

23 Mahirap kung hindi mo ...Kailangan mong magtiwala sa Espiritu Santo dahil ang Bibliang ito ay nasusulat sa mga palaisipan. Hindi mo maaaring basta na lang uupuan ito at basahing parang diyario. Natatago ito. Opo. Paano ninyong pangangatwiranan ang Diyos nang sabihan Niya si Moises doon sa itaas, ang sabi, "Ngayon, huwag kang gagawa ng anumang larawang

na nakatayo roon. Dh, siya ay ...para siyang isa sa mga kapatirang babae sa Aunt Jemima Pancakes: malalaki at matataba ang mga pisngi, alam n'yo na, at ang bu -buhok niya, ang pang- itaas niya ay nakalaylay sa likod. Nakasandal siyang gano'n sa tarangkahan, at ako'y ...inaawit ko ang awiting iyon tungkol sa ... munting ... Ano na nga ba ang ... nakalimutan ko na ang pamagat ng awiting inaawit ko noon. Ngayon, tungkol iyon sa -sa ...isa iyong masiglang awit na Pentecostal, isang munting masayang awitin.

At bigla akong tumigil sa pag-awit, malapit na malapit na ako. At dumaan ako roon. At nakatayo siya roon at umaagos ang luha sa kaniyang matatabang pisngi; gusto ko siyang yakapin. Ang sabi niya, "Magandang umaga parson."

Ang sabi ko, "Auntie, ano'ng sabi mo?"

Ang sabi niya, "Ang sabi ko, 'Magandang umaga parson.'"

Ang sabi ko, "Paano mo nalamang isa akong mangangaral?" Ngayon sa mga taga Timog, ang ibig sabihin nito ay "ministro," alam n'yo. Ang sabi ko, "Teka, paano mo nalaman na isa akong parson?"

Ang sabi niya, "Alam kong darating ka."

Ang sabi ko," Alam mong darating ako? (Sa 1oob-loob ko, "Oh, oh, ito na iyon." Kita n'yo?)

Ang sabi niya, "Opo." Ang sabi, "Na -nabasa Mo na ba ang isang kuwento sa Biblia, parson, tungkol sa isang babaeng Sunamita?"

Ang sabi ko, "Oo, auntie, nabasa ko na iyon."

Ang sabi niya, "Tulad ko ang babaeng iyon." Ang sabi, "At hiniling ko sa Panginoon na pagkalooban Niya ako ng anak, ako at ang asawa ko, "Pinalaki ko siya para sa Kaniya. Pinagkalooban nga Niya ako. Binigyan Niya ako ng anak." Ang sabi, Pinalaki ko siyang isang mabait na bata." Dugtong pa niya, "Napasama siya sa maling mga tao, parson. Nahawa siya ng isang masamang sakit." At ika niya, "Nakahiga siya roon sa loob, at naghihingalo na. Dalawang araw na siyang naghihingalo. Hindi pa siya nagkakamalay sa loob ng dalawang araw. Nagpunta rito ang duktor at ang sabi, 'Hindi na siya mabubuhay.' At ang sabi ay mamamatay na siya.' Isa iyong sakit na panlipunan." At ang sabi - ang sabi, "Hindi ko kayang makita ang anak kong namamatay, at magdamag akong nanalangin." At ang sabi niya," Ang sabi ko, 'Panginoon, Panginoon,' ang sabi ko, 'Parang ako ang babaeng Sunamitang iyon, ngunit ang sabi ko, 'nasaan ang Iyong Eliseo?' "

99 At ang sabi pa, "Nakatulog ako at nakapanaginip ako, na nakatayo ako rito sa tarangkahan, at nakita kitang naglalakad sa kalsada, na ang sumbrero mo ay bahagyang nakatagilid." Ngunit ang sabi niya, "May isang bagay lang," ang

Magtatagumpay, magtatagumpay,

Magtatagumpay, magtatagumpay

Pagkat mahal ko si Jesucristo,

Nalulugod, nagmamahal sa akin.

96 Nung araw, si Brohter Smith, isang kapatid na itim, naririto siya dati sa isang sulok. Oh, kapag naririnig ko ang mga kaibigan nating itim na iyon; uupo ako roon at magsisisigaw at iiyak at lahat na, inuuga ko ang kotse ko, naglululundag akong gano'n. Nagpapalakpakan silang lahat. [pumapalakpak si Brother Branham habang umaawit -Ed.]

Oh, di ka ba sasama ...

(Ang kumpas na iyon ng mga itim, alam n 'yo. Walang makagaya sa pag-

awit nila; kalimutan na lang ninyo. Kita n'yo?) ...sa akin,

Pagkat ako'y ...

Ay, naku, uupo aka roon, ang sabi ko, "O Diyos." Bata pa ako noon, mga beinte anyos, magpapaikut-ikot ako sa kotse ko at magsisisigaw at magpupuri sa Diyos nang gano'n. Oh, ano'ng inam na pagkakataon. Iyon ay noong pasimula, nang ang -ang Diyos ay totoong kumikilos sa mga tao nang gano'n. Ngayon ay naging isa na tayong malakas na Iglesia, hindi gasinong marami ang mga miyembro, ngunit makapangyarihan sa Espiritu. Amen. Napakaganda!

97 Pagkatapos ay mayroon tayong inaawit noon. ..Naalala ko pa ang " araw na iyon doon sa Chattanooga, Tenesse, nang makilala ko ang ... Hindi pala sa Chattanooga, kundi doon sa Memphis, kung saan ay nakilala ko ang itim na babaeng iyon, alam n'yo, nakatayo siya roon. Narinig na ninyo ang kuwento ko tungkol dito, alam n'yo. May venereal disease ang anak niya. At itinali niya ang kamiseta ng lalaking iyon sa kaniyang ulo, nakasandal siya sa bangko. Pinigil ng Panginoon ang eroplanong iyon doon at hindi iyon pinaalis, sa kung anong kadahilanan, at sinabi nila sa akin na pumaroon ako at kumuha ... At ang sabi ng Espiritu Santo, "Samahan mo muna akong maglakbay dito."

At nagpatuloy ako sa paglalakad doon, habang umaawit. Naisip ko, "Naku, malapit nang umalis ang eroplano ko."

May nagsasabi sa akin, "Sige pa. Magpatuloy ka." Unang bahagi iyon ng aking

lingkuran.

98 Pagtingin ko, nakasandal siya roon sa bakod at naroroon ang isang maliit na dampa, isang maliit na lugar doon. May isang matandang kapatid na babae

inanyuan," sa Kaniyang mga kautusan, "huwag kang gagawa ng anumang bagay na kawangis ng mga bagay na nasa langit; anu -anumang Anghel o ana pa man; huwag kang gagawa ng anumang larawang inanyuan," gayon man, sa araw ding iyon ay inutusan Niya siyang humulma ng dalawang Anghel na yari sa tanso at ipinalagay iyon doon mismo sa luklukan ng awa, kung saan naroroon ang awa? Kita n'yo? Kailangan mo munang makilala ang Diyos sampu ng Kaniyang kalikasan bago mo maunawaan ang Kaniyang Salita. A-ha. Hawak Niya ang susi sa Salitang iyon, at Siya -Siya lamang ang -ang makahahawak Niyan at makapagbubukas Niyan, kaya't Siya lamang ang makapagpapahayag Niyan.

24 At ngayon, makikita natin na ang kalikasan Niya ay ang laging magbigay ng babala sa tao, bago siya hatulan, ang balaan ang isang bansa bago hatulan, at ang iba pa. Lagi Siyang nagbibigay ng babala, isang paalala sa atin, tungkol sa isang pananagutan. May pananagutan tayo, at inilagay tayo ng Diyos dito sa ibabaw ng lupa sa isang kadahilanan, at ang kadahilanang iyon, mananagot tayo sa Kaniya dahil dito. Kailangan mong lumapit sa Kaniya at nang malaman mo kung ano ang nais Niyang ipagawa sa iyo. Kita n'yo? Kung hindi mo ...

Kung magtatrabaho ka para sa isang tao, at binigyan ka niya ng gawain sa rantso, o kung anuman iyon, at nagpunta ka roon sa kamaligan at -at naupo ka lang doon, at nagsabi, "Buweno?" Kita n'yo, kailangang puntahan mo siya at tanungin kung ano ang gusto niyang ipagawa sa iyo, at gawin mo iyon. Kung mamamasukan ka, alamin mo kung anu-ano ang mga katungkulan mo. At kung nabubuhay tayo rito sa ibabaw ng lupa, kung gayon ay dapat tayong pumunta Doon sa naglagay sa atin dito, at "Panginoon, ano ang nais Mong ipagawa sa akin? Ano -ano ang dapat kong gawin? Bakit ako naririto?" Kung iyon ay ang pagiging isang ina 'ng tahanan, tagahugas ng pinggan, kung iyon man ay ...Anuman ang nais ng Diyos na gawin mo, gawin mo ang makakaya mo upang isagawa iyon. Kahit gaano kaliit, gaano man kaliit iyon, kailangan mong gawin iyon. Sasabihin mo, "Buweno ..." Ang hirap sa'tin, bawa't isa sa atin ay nais gumawa ng gawain ng iba. Gusto nating lahat na magdala ng bola, gaya ng kasabihan natin. Nakikita ba ninyo? .

25 Gaya ng relong ito, ngayon, ang bawa't bahaging gumagalaw sa loob nito ay may kani-kaniyang lugar. Ngayon, hindi maaaring lahat ng bahagi nito ay puro kamay. Ngayon, ang tinitingnan ko lang ay ang mga kamay para makita ko kung ano'ng oras na. Ngunit kung mawawala sa ayos ang isa sa mga gulong na nasa loob nito, mamamali na ang oras nito.

At ganiyan din ang mga tao. Lahat tayo, ang Katawan ni Cristo ay kailangang mailagay sa tamang kalagayan ng mabuting pagsasamahan. Kita n'yo? At

maaari tayong tumingin sa paligid at makikita natin kung anong oras na ba ng araw ito. Kita n'yo? At nakatingin din ang sanlibutan kung ano'ng oras na. Kita n'yo? Kita n'yo? Datapuwa't minamasdan nila kayo. At kung ikaw man ay isa lamang pinong spring, o pinakamalaking spring, o ano ka man, gawin mo ang makakayanan mo.

26 Ngayon, dahil may pananagutan tayo na dapat nating harapin sa Diyos balang araw. Bawat taong nabubuhay sa balat ng lupa ay kailangang managot sa Diyos dahil sa isang pananagutan. At sa marami sa atin, ang pagiging katiwala ang kailangan natin panagutan. Tayo.. .Ang pananagutang ito ay isang pagiging katiwala na ibinilin sa atin ng Diyos; kahit ana pa iyon. Gaya ng sinabi ko kani-kanina lang, kung iyon man ay, pagiging "isang ina ng tahanan," maging isa kang tunay na ina ng tahanan. Tama 'yan. Kung iyon man ay ang pagiging isang magsasaka, maging isa kang tunay na magsasaka. Anuman iyon na itinalaga ng Diyos na gawin mo, mayroong kang pagiging katiwala ukol diyan; kailangang managot ka sa Diyos para riyan, sapagkat kailangan ang lahat ng mga bagay na ito upang isagawa ito.

27 Sinabihan si Ezechias na maghanda, at humanda na dahil haharap na siya sa kaniyang Manlilikha. Ngayon, si Ezechias ay isang hari, at isang - isang dakilang tao. Napansin ba ninyo kung ano ang pakiusap niya rito? "Panginoon, isinasamo ko sa Iyo na isaalang-alang Mo ako. Lumakad ako sa Iyong harapan nang may tapat na puso." Ano"ng gandang patotoo niyan sa -sa -sa atin ngayon, at ganito dapat. Isang taong lumalakad sa harap ng Diyos, maging ang kamatayan ay naipataw na sa kaniya datapuwa't nabago ang haka ng Diyos tungkol sa kaniya, sapagkat may nais gawin si Ezechias. At sinabi ng Diyos na ipagkakaloob Niya sa atin ang nasa ng ating mga puso. At dumating na ang oras ni Ezechias, at may -may kanser siya, o anuman iyon, at -at tinawag nila iyong "pigsa" sa mga araw na iyon, ngunit alam nating hindi nakamamatay ang mga pigsa, gumagaling ang mga iyon. Ngunit marahil ay kanser iyon, at pumutok iyong parang pigsa. At -at sinabi ng Diyos kay Isaias, "Pumaroon ka at sabihin mo sa kaniya na mamamatay na siya." At mayroon pang isang bagay na nais gawin si Ezechias. Mayroon siya -mayroon siyang ...

28 Kung may pakikiusap ka sa Diyos, kailangan ay mayroon kang dahilan. Tulad ito ng Kasulatang ito na madalas kong sipiin, "Kung sasabihin mo sa bundok na ito, Makilos ka,' at hindi ka mag-aalinlangan, bagkus ay sasampalataya ka na kung ano ang sinabi mo ay matutupad, ay mapapasayo anuman ang sabihin mo." Ngayon, iyan ay nakabatay sa iyong motibo at layunin (Kita n 'yo?) kung hindi -hindi iyon magaganap. Kita n'yo? Hindi ka basta-basta lalabas doon ... Diyan nagkakamali ang marami sa atin, lalabas tayo at magsasabi, "Ngayon, ipapakita ko sa inyo na may pananampalataya

Saksi tayong lahat sa Kaniyang mga gawa;

Di ba't kamangha-mangha si Jesus?

Gustung-gusto ko ang patotoong iyan.

Saksi tayong lahat sa Kaniyang mga gawa;

Di ba't kamangha-mangha si Jesus?

95 O, Mahal ko Siya. Siya ang aking Kapayapaan, ang aking Buhay, ang -ang aking Pag-asa, ang aking Hari, ang aking Diyos, ang aking Tagapagligtas, ang aking... (Ay, naku.), ang aking Ama, ang aking Ina, ang aking Kapatid na Babae, ang aking Kapatid na Lalaki, ang aking Kaibigan, ang lahat sa akin. Nakikita ba ninyo? Mayroon tayong inaawit na ganoon, dati. Alam n'yo, lahat ba kayo'y nakasubok nang umawit ng mga Pentecostal na awitin ...Sana ay pinatay na nila ang recorder. Kita n’yo? Ang awiting iyon na dati nating inaawit:

Siya ang tatay, ang nanay, ang ate at ang kuya,

Siya ang lahat sa 'kin.

Siya ang lahat,

Siya ang lahat sa 'kin.

Siya ang lahat, Siya ang lahat sa 'kin.

Siya ang tatay, ang nanay, ang ate at ang kuya,

Siya ang lahat sa 'kin.

Naaalala n'yo po ba noong lagi natin iyong inaawit? Naku, maraming taon na ang lumipas. Pagkatapos ay ang sabi natin:

Alam kong ang Dugo, ang Dugo ni Jesus.

Alam kong para Iyon sa 'kin.

Kahit nagkasala,

Sa krus tinubos Niya,

Ang Dugo Niya'y para sa 'kin.

Natatandaan ba ninyo ang awiting iyan? Tingnan natin, ano pa ba ang isang inaawit natin dati? Tingnan natin:

Oh, di ka ba sasama sa 'kin?

Tutungo, ako roan.

Oh, di ka ba sasama sa 'kin?

Pagkat ako'y magdarasal.

n'yo? Mag-ingat ka. Huwag kang padaya sa kaaway. Kapag ang Espiritu Santong naririto ngayon ay nagnasang lumipad patungo sa Kaniyang Manlilikha, sa Kaniyang Panginoon, may isang pag-iibigang magaganap na walang sinumang makapagsasaysay. Tama 'yan. Ito'y tunay. Ito'y tunay. Kaya nga kung may babala, na nagsasabi, "Hindi ka pa handa para diyan," ay pakatandaan mo, maaaring hinahanda ka ng Diyos sa isang pangyayari. Kita n'yo? Hindi ka pa handa ...

93 Sasabihin mo, "Buweno, kung magpapabautismo ako, ang Espiritu Santo kung gayon, buweno, baka kunin na ako ng Panginoon?" Hindi, hindi lang gano'n, ngayon ka pa lang naghahandang mabuhay. Hindi ka pa handang mabuhay hanggang sa mapasaiyo ang Espiritu Santo, at kapag natanggap mo na ang Espiritu Santo doon ka pa lang magiging karapat-dapat mabuhay. Hindi ka pa karapat-dapat mabuhay bago iyon (kita n'yo?), datapuwat ikaw -ngayon ay naging karapat-dapat kang mabuhay matapos mong tanggapin ang Espiritu Santo (Kita n'yo?), ihinahanda ka nito. Kita n'yo?

Sinasabi ng mga tao, "Buweno, kailangan kong paghandaan ang kamatayan ko." Ay, naku, naghahanda ako para mabuhay. Amen. Ang mahalaga ay maghanda kayong mabuhay, mabuhay kayo kay Cristo, isang matagumpay na buhay, matagumpay sa kasalanan, sa kamatayan, sa hades, taglay ko na ang tagumpay. Amen. Iyon na iyon.

94 "Paano kang makatitiyak na nasa iyo na Iyon?" Nasa akin na Iyon. Amen. Ipinagkaloob Niya Iyon sa akin sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya nadarama ko. Alam ko. Nakikita kong kumikilos iyon sa buhay ko. Binago ako nito. At ayon sa Aklat na ito, ang sabi Niya'y mayroon akong Buhay na Walang Hanggan at hindi na ako haharap sa paghatol, bagkus ay nalipat na ako mula sa kamatayan tungo sa Buhay sapagkat inako na Niya ang kahatulan ko. At kung binayaran na Niya ang dapat bayaran, huwag mo na akong dalhin sa anumang kahatulan. Inako na Niya iyon para sa akin, at tinanggap ko na Iyon. Siyanga po.

Kaya't wala nang kahatulan. Wala na -wala nang kamatayan. Oh, kailangan kong iwan ang iglesia sampu ng mga tao balang araw, ngunit iyon - kung magtatagal si Jesus. At sakaling mangyari iyon, aba, naku, hindi ako patay. Hindi ako maaaring mamatay; mayroon akong Buhay na Walang- Hanggan. Paano kang mamamatay nang mayroon kang Buhay na Walang Hanggan? Kita n'yo? Lagi kang nasa Presensiya ng Diyos at lalagi ka sa piling Niya kailan pa man. Amen. Pinalulukso niyan ang puso ko, naku, parang gusto ko uling mangaral. Kita n'yo? Tama. Oh, Kamangha-manghang tunay si Jesus sa akin, "

Di ba't kamangha-mangha si Jesus?

akong gawin ito." Ngayon, umpisa pa lang ay mali ka na kaagad. Hindi ibinigay ng Diyos ang kaloob sa iyo para lang paglaruan mo ito. Gaya ng sinasabi ko kanina, hindi ka Niya pinakikitaan ng mga pangitain para lang paglaruan mo iyon. Hindi iyon pinaglalaruan; sagrado iyon. Gamitin mo lang iyon sa paraang ipinahihintulot ng Panginoon. Maging isa kang bilanggo Niya. Kahit gaano mo kagustong sabihin sa taong iyon na nagkakamali siya, at ito'y ganito, ganiyan, at iba pa, manahimik ka lang, hanggang sabihin na iyon ng Diyos. At kapag sinabi na ng Diyos, kung gayon ay maaari kang dumating na taglay ang ITO ANG SABI NG PANGINOON. Hanggang sa sandaling iyon, kalimutan mo na lang siya.

29 Ang -ang sanlibutan ngayon ay parang si Ezechias noon; nabalaan na ito. Paulit-ulit na itong nabalaan. Ang iglesia ay binabalaan na. At ngayon, ang mga bagay na ito ay hindi nag –nagkataon lamang. May layunin ang lahat ng ito.

Ngayon, si Ezechias, sa kaniyang pagkakasakit, ang pagkakaroon niya ng pigsa, hindi iyon nagkataon lang. Isinugo ng Diyos si Isaias doon at inutusan siyang isaayos ang kaniyang sambahayan sapagkat mamamatay na siya. At tumangis si Ezechias at winika niya sa Diyos, "Lumakad ako sa Iyong harapan nang sakdal ang aking puso, at da-dalangin ko na iligtas mo ang buhay ko alang -alang sa isang kadahilanan, isang mabuting kadahilanan, ang kadahilanan ng Diyos."

Sinabi ng Diyos sa propeta, ang sabi, "Magbalik ka at sabihin mo sa kaniya."

30 Ngayon, hindi ba't nakapagtataka 'yan? Si Ezechias ang pinakadakilang tao sa buong lupain. Kita n'yo? Si Ezechias ay isang hari at isang taong makadiyos. Isa siyang tunay na lalaki, kung nagawa niyang idulog iyon sa Diyos at hindi siya sinawag ng Diyos sa pagsasalita ng gayon, "Lumakad ako sa Iyong harapan nang may pusong sakdal." Ngayon, mabigat iyon. Kita n'yo? At hindi sinabi ng Diyos, "Hindi, Ezechias, hindi mo nagawa iyon, bagkus ay inamin Niyang nagawa niya iyon. At ang sabi niya, "Pahahabain ko pa ang buhay mo. (Kita n 'yo), Tutugunin ko ang iyong kahilingan," (Kita n 'yo?), sapagkat naging isa siyang tapat na lalaki; naging isa siyang tunay na lingkod ni Cristo.

31 Kung gayon ay nadarama nating may karapatan tayong humiling ng isang bagay kung ang -kung ang layunin natin ay tama, at pati na ang motibo natin.

Ngayon, makikita natin sa araw na ito na sa lumipas na maraming taon, masasabi kong sa loob ng nakalipas na labing lima, o higit pang mga taon, na walang humpay ang babala sa buong bansa, "Magsisi kayo o kaya'y mapahamak."

Napansin ba ninyo na kausap ko ang asawa ko kaninang umaga, at ako'y ...Maaga kaming nag-almusal, nakaupo kami sa mesa, nag-usap kami bago ako umalis. Ang sabi ko, "Asawa ko ..." Nangungusap siya tungkol kay Billy Graham, at tungkol sa kaniyang asawa, kung gaano nila nais mamuhay nang payak, at lahat na. Ang sabi ko, "Iyan ang tunay na lingkod ng Diyos kung nagsisikap siyang huwag ...kung siya'y ...marahil ay kumikita siya ng dalawa o tatlong milyon sa isang taon sa kaniyang mga kampaniya, ngunit hindi niya tinatanggap iyon; napupunta iyon sa kaniyang foundation, inilalagay nila iyon sa gawain at sa brodkas, at sa iba pa. At ang natatanggap ni Billy ay mga dalawampu't limang libo bawat taon."

Ang sabi niya, "Paano niyang gagastusin ang dalawampu't limang libo sa isang taon?" Ang sabi ko, "Ki -kinukuha lang niya kung ano ang kailangan, iyon lang. May bahay siyang binabayaran at lahat na." Nagpatuloy ako, at ang sabi ko, "Mataas ang respeto ko kay Billy Graham." Ang sabi ko, "dahil mayroon siyang mensahe, at ang mensaheng iyon ay ang pagsisisi." At diyan, ay sasabihin ko sa inyo, wala akong kilala, sa lupaing ito, na nagamit ng Diyos na taglay ang mensaheng iyon na gaya ni Billy Graham. O, talagang kuhang-kuha niya iyon, tatayo siya ro'n at, talaga namang, kaya niyang pagsisihin ang mga pulitiko at mga miyembro ng iglesia. Ngunit hanggang doon lang siya.

32 At heto naman si Brother Oral Roberts, isa pang dakilang lingkod ng Panginoon. At walang sinuman sa mga nagsisipunta rito ang maitutulad kay Oral Roberts. Ang mala-bulldog na kapit sa -talaga namang kung magpalayas siya ng mga espiritu, at kung tumawag siya sa Pangalan ng Panginoon at -at ang mga mumunting sensasyon, at iba pa, tungkol sa Makadiyos na pagpapagaling. Tamang-tama nga iyon. Hayan ang mensahero sa Pentecostes. Hayan ang mensahero sa daigdig ng makadenominasyong iglesia (Kita n 'yo?) at sa malamig na daigdig. At pagkatapos ay tingnan n'yo ang ating maliit at abang lingkuran, nakatayong "Si Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon at magpakailan man." Nakikita ba ninyo? Ano ang ginagawa nito? Tinatawag ang lupon ng Nobya. Nakikita ba ninyo? Kita n'yo? Kita n'yo, tumatawag ito sa dalawang lupong iyon. Kumukuha iyon ng isang Gulong mula sa gulong. Nakikita ba ninyo ang ibig kong sabihin?

33 At pagkatapos ay pinagtitibay ng Diyos ang mensaheng ipinangangaral ni Billy Graham. Pinagagaling ng Diyos ang mga maysakit na idinadalangin ni Oral Roberts. At pinalalabas ng Diyos ang mga bagay na - pinatutunayang si Jesus Cristo ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. At tinatawag nito ang mga bagay na iyon na. ..Ito'y mga mensahe para sa oras na ito. At bawat isa sa mga mensaheng iyon ay nananawagan, "Magsisi o mapahamak." Tama. "Magsisi o mapahamak." Wala nang pag-asa, wala nang lahat. Ang

90 Ngayon, ang tanging nangyayari kapag namatay ka, nagpapalit ka lang ng limang pandamang iyon (Luwalhati. Whew.); tatanggap ka ng isa pang pandama. At mabubuhay kang taglay ang higit na mataas na pandama, libu-libong ulit na higit na mataas kaysa rito doon sa ibang buhay, isang buhay kung saan ay walang kamatayan, kung saan ay walang kalungkutan. At ang mga bagay na ngayon ay wala kayong kamalayan, malinaw n'yo iyong makikita sa pagtawid ninyo roon. Hindi pa ninyo nauunawaan ito ngayon dahil nabubunggo-bunggo lang ninyo ang mga iyon; wala pa sa inyo ang pandamang iyon. Sasabihin mo, "May -may nadarama akong kakaibang damdamin ngayong gabi. Para bang may isang ... gusto kong umiyak, o sumigaw, o gumawa ng iba pang bagay." Iyon ay mga Anghel ng Panginoon. Kita n'yo?

91 Gaya ng sasabihin ng isang tao, alam n'yo, na hindi pa kailanman nagkaroon ng pandamang paningin, ang sasabihin niya, "Kung minsan ay nakadarama ako ng isang bagay na tatoo, parang nakakaramdaman ako ng init."

Sasabihin mo, "Iyon ay sikat ng araw."

"Ano'ng sikat ng araw? Hindi ko pa iyon nakikita."

"Walang gani ..." Kita n 'yo, hindi pa niya iyon nakikita, hindi pa niya

alam kung ano iyon. Kita n'yo, mayroong dapat magsabi sa kaniya, yaong nakakakita nito. Ay, naku. Kita n 'yo?

Nagpapalit lang tayo. Nagpapalit lang tayo; huwag kayong matakot sa kamatayan. Wala iyong pagkakaiba sa isang estatwang pangtaboy ng ibon sa bukid. Nalupig na iyon ni Jesus. Maging si Pablo nang dumating siya sa hangganan, ang sabi niya, "Kamatayan, nasaan ang iyong tibo? Nasaang ang iyong panakot? Libingan, nasaan ang iyong tagumpay? Sinasabi mong nahagip mo ako? Na -nais kitang ituro doon sa Jerusalem. Mayroon doong libingang walang laman, at 'Ako ang siyang lumupig sa iyo, sa kamatayan, at sa hades,' at ako'y nasa Kaniya at hindi mo aka maaaaring pigilan. Babangon akong muli." Ay, naku. At ang sabi Niya, "May putong na naghihintay sa akin, na ibibigay sa akin ng Panginoon, ang matuwid na Hukom; at hindi lamang sa akin, kundi sa lahat ng nagsisiibig sa Kaniyang pagpapakita."

92 Mahalin n'yo Siya. Nais ninyong makita ang Kaniyang pagdating. Hinihintay n'yo Siya. Mahabang kasaysayan ito; isa itong matagal na paghihintay. Isa itong pag-iibigan. Datapuwa't sadyang hindi ka na makapaghintay na makita Siya. Ay, naku. Ganiyan talaga. Oh, iyan ang pinakahihintay nating pagkakataon; iyan ang oras. Kung hindi ganiyan ang -ang nadarama mo sa puso mo ngayong gabi, kaibigan, mag-ingat ka. Kita

buong magdamag, higit na magiging mahaba ang buhay niya kaysa maraming sampu, labinlimang taong gulang na mga bata? Daan- daan sa kanila ang mamamatay sa buong mundo bago mag-umaga; mga bata. Kaya't ang mahalaga ay ano ba ang gagawin ninyo ngayon?

88 Maaaring ito na ang inyong huling pagkakataon. Bata o matanda, magagawa ninyong magsimba. Huwag ninyong ipagpaliban ang anumang bagay. Maging taimtim kayo at tapat. Iwan ninyo ang bawat kasalanan at lahat ng bagay. Tingnan ninyo nang tuwiran ang mukha ng Diyos at itanong ninyo ang tanong na ito, "Panginoon, nalulugod ba Kita? Ano pa ba ang maaari kong gawin, Panginoong Jesus? Hindi na ako muling magkakaroon ng pagkakataong maglingkod sa Iyo, pagkatapos ng buhay na ito. Ito lang ang pagkakataon ko. Panginoong Diyos, ipabatid Mo lang sa akin kung ano ang nais Mong gawin. Kung kailangan kong gawin ang ganito o kailangan kong gawin ang ganoon, malugod ko iyong gagawin."

Nai - naiisip ba natin iyan nang buong katapatan? Naiisip ba iyan ng mga kabataan? Naiisip kaya iyan ng mga taong nasa gitnang gulang na? Lahat tayo'y kailangang lumisan, at paano tayong makatitiyak na hindi tayo lilisan bago mag-umaga? Hindi natin alam iyon. Sasabihin mo, "Nababahala ako tungkol diyan." Hindi ka dapat mabahala. Ang totoo, dapat ay magdulot ito sa iyo ng pinakamasidhing kaligayahan, ang malamang iiwan mo na-ang lumang bahay-pesteng ito.

89 May isa pang daigdig. Hindi na ninyo kailangang magpakalayu-layo. Naririyan lang iyan sa tabi ninyo. Malapit na malapit sa inyo. Kailangan mo lang - ika'y ... pinagkalooban ka lang ng Diyos ng limang pandama, at iyon ay para mo madama ang mga ito, ang daigdig na ito. Ngunit may isa pang daigdig na hindi mo madarama sa alin mang mga pandama mo, hindi mo iyon madarama sapagkat wala kang gayong pandama.

Halimbawa, sinabi ko noong Linggo ng gabi; marahil ay hindi ninyo nakuha, kung ano ... Mayroon tayong limang pandama; paningin, panlasa, pandamdam, pang-amoy, at pandinig, at may nakatanggap ng paningin at ang sabi, "May isa pang daigdig, ang araw?" Ang mga -ang mga pandamang iyon, nabubunggo mo ang mga bagay-bagay, at ang nangyayari, magagawa niyang sabihin sa iyo kung ano iyon. Aba, ipapalagay mong nababaliw ang taong iyon, 'pagkat wala ka noon, ng -ng pandamang paningin. Wala kang kilalang tao na nagkaroon na nito. Narinig mo na may mga taong nagsasabi ng gayon, ngunit nag-aalinlangan ka. Ngunit alam natin sa pamamagitan ng pandamang iyon na ito'y tunay. Isa iyong tunay na lugar. Kita n 'yo? I- i -i -isang lugar iyon kung saan ang na nakikita mo. Ipinahahayag iyon ng iyong pandama.

mundo'y nabalaan na tungkol sa Kaniyang Pagdating. Bawat isa sa mga mensaheng iyon ay nangungusap at nagbababala ng pagdating ng Panginoong Jesus, kapuwa sa iglesiang makadenominasyon.. .

34 Tandaan n'yo, ang Diyos ay laging nasa tatluhan (Ah-hah), gaya ng Ama, Anak, at Espiritu Santo; at pag-aaring-ganap, at bau -at paglilinis, bautismo ng Espiritu Santo, at iba pa; Siya ay nasa tatluhan.

Ngayon, ang Diyos ay nasa mensaheng iyon ng pagsisisi sa iglesiang naturingan. Ang Diyos ay nasa mensahe ng Makadiyos na pagpapagaling sa iglesiang Pentecostal. Ang Diyos ay nasa Mensahe sa Nobya. Kita n'yo? Kaya makikita natin na lahat ng mga iyon ay tumatawag, ang isa'y dito, ito naman ay doon, at iyon naman ay doon. Tinatawag ng Diyos ang iglesia palabas ng sanlibutan, ang -tinatawag ang iglesia sa -ang makadenominasyong iglesia papasok sa Pentecostes; at tinatawag ang Nobya palabas ng Pentecostes. Kita n'yo?

Gaya ni Luther, ni Wesley, at ngayon. Kita n'yo, lahat ay akmang- akma ang pagkakatipo at walang pagkakamali. Nasapul ko na ang palibot ng mga dulo nito, at maging ang mga gilid nito, at ang loob at labas nito, at ipinakita ito sa pamamagitan ng Kasulatan, ang pagkakasunod-sunod nito, hanggang sa makatiyak tayo na ito nga ang hindi mapapasubaliang katotohanan. Kita n'yo? Walang pagkakamali. Sa Linggo ay umaasa akong ibabaon ito ng Diyos nang napakalalim hanggang sa hindi ninyo magawang takasan ito. Kita n'yo?

35 Ngayon. Ang Diyos ay nagbibigay ng babala, naghahanda para sa kahatulan. Nakakasa na ang mga bomba atomika, lahat ay handa na. At ang Diyos, bago Niya tulutang maganap ito, dadalaw Siya rito gaya ng ginawa Niya sa Sodoma, "Lumabas kayo riyan. Humanda kayo. May mangyayari." Gaya ng mga kaarawan ni Noe, bago magpabaha ang Diyos para wasakin ang sanlibutan sa dakilang daigdig ng antedelubio na nasadlak sa pagkakasala, at malinaw na sinabi ni Jesus na isang araw iyon na katulad na katulad nito. "Kung paano ang mga kaarawan ni Noe, magkakagayon din sa pagdating ng Anak ng tao." Kung paanong ang kababaihan ay nagwawala, at -at nagsisipag-asawa at pinapag-asawa, at -at ang mga dakilang gawang maka-agham, at ang matatalino, aral na tao ay pumapanig sa pagiging intelektuwal, at ang munting abang Kawan ay nakaupo lang sa isang tabi, naghihintay sa napipintong kahatulan at sa pagtakas. At bago isugo ng Diyos ang kahatulang iyon, nagsugo Siya ng isang propeta (a-ha), gaya ng ginawa Niya kay Ezechias. Ang sabi Niya, "Humanda na kayo sapagkat darating na ang mga paghuhukom." At pinaghanda Niya ang mga tao para sa pagkakataong iyon. Pinaghanda ni Noe ang mga tao, at isa iyong panawagan ng habag bago ang kahatulan.

36 Napasabihan din ang Nineveh bago sumapit ang oras nila. Tiningnan ng Diyos ang Nineveh, at ang sabi Niya, "Ako'y -sukang-suka na ako sa -sa mga bagay na ito." Na -nauunawaan ko na -na ang -bagama't ang dakilang hitenong daigdig ng mga Hentil na iyon ...Ang bayang iyon, sa mga panahong iyon, hinahatulan sila ng bayan -sa bayan, ngayon ay bansa-sa-bansa na, ngayon at kumalat na ang populasyon katulad nang nangyari noon. Ang sabi Niya, "Ang dakilang bayang iyon ay napasadlak na sa kasalanan."

At ang Diyos, bago Siya magpadala ng Kahatulan, nagpadala muna Siya ng babalang mensahe, "Lumabas kayo riyan. Magpakatuwid kayo." Masdan, walang ibang sinabi ang propeta maliban -maliban sa mag. .. Ang sabi, "Sa loob ng apatnapung araw ay mawawasak ang bayang ito."

37 At, oh, kung minsan ay napakahirap gawin ang gayon, ang sabihan ang mga tao. Kung hindi mag-iingat ang propeta, magkakaproblema siya, dahil mas gugustuhin niyang lumihis nang kaunti sa isang tabi, upang pagaanin iyon nang kaunti, o magkokompromiso siya nang kaunti rito at kaunti roon.

Ngunit ang mga tunay na propeta ay magdadala ng utos ng Diyos, at hindi dapat sila nakikipag kompromiso; dapat niya iyong lubusang ilatag nang matuwid na matuwid. Iyon ang dahilan na ilang ulit Niyang ginamit ang espiritu ni Elias (Kita n'yo?), sapagkat laging tinutupad ng espiritung iyon ang Kaniyang mga utos. Kita n'yo? Kita n'yo, dinala nito ang mga utos Niya kung paanong inutos ang mga iyon, at lagi iyong nakabatay sa Salita." Kita n'yo? Laging ibinabatay ang mga iyon sa Salita.

38 Ngayon, makikita natin na ang Nineveh ay nasadlak sa kasalanan. At napipigilan ang propeta, dahil isa iyong daigdig ng mga Hentil (Kita n'yo?); isa iyong bansang Hentil, isang bayang Hentil, hindi niya kalahi, hindi sila mga Hebreo. Mga Hentil sila. Isang dakilang pangkalakalang daungan iyon ng mga barko, malawak ang industriya ng pangingisda roon, nangingisda ang mga tao roon. At -at sila -sila'y -marahil ay totoong makasalanan ang bansang iyon: napakararning pera. At -at kung saan maraming pera, at ang mga tao'y napapadala sa popular na opinyon ng pangkasalukuyang araw, laging pumapasok ang kasalanan, sampu ng karahasan. Nagsawa na ang Diyos do'n. kaya't nagpadala Siya ng isang propeta, "Pumaroon ka sa Nineveh at sumigaw ka, at sabihin mo, "Sa loob ng apatnapung araw ay mawawasak ang bayang ito."

Ngayon, naisip ni Jonah, "Alam mo, baka ako magkaproblema." Kaya't nais niyang mas makatiyak, kaya't binalak niyang magbakasyon at -at magpunta sa Tarsis. At nakita nating apatnapung araw na lamang ang nalalabi. Kita n'yo?

85 Ngayon, sama-sama Mong pagpalain ang mga tao. Pagpalain Mo ang mahal naming pastor sampu ng kaniyang asawa. Pagpalain Mo ang mga diakuno, ang mga trustee, maging ang mga karaniwang mananampalataya. Ipatawad Mo ang mga kasalanan namin. Pagalingin Mo ang mga may sakit sa amin, Panginoon. At pagningasin Mo ang mga puso namin. At nawa'y humayo kami mula sa lugar na ito taglay ang isang mensaheng nagbababala, kapag nakatagpo namin ang mga taong nasa kasalanan, at sabihin sa kanila, "Kaibigan, hindi ka ba nahihiya na ginagawa mo ang mga bagay na iyan, samantalang alam mong haharap ka sa Diyos balang araw?" Itulot Mo po ito, Panginoon. Ipinagkakatiwala ko sila sa Iyo, ngayon, ipinagtitiwala ko ang Mensahe, at ang lahat ng ito na magkalakip-lakip nawa ang lahat para sa Iyong kaluwalhatian. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Mahal Siya, Mahal Siya,

Pagkat minahal Niya 'ko. Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

86 Hindi n 'yo sa ba Siya mahal? Isipin n'yo kung ano tayo. Tingnan n'yo kung saan na tayo nakarating, kaibigan. Tingnan n'yo lang ang daang pinanggalingan natin mula pa noon sa mga kaarawan ni Luther at ni Wesley, at sa lahat ng mga nagdaang kapanahunan. Tingnan n'yo kung nasaan na , tayo ngayon: narito na tayo sa pinaka-tuktok ng pyramid, dito mismo kung saan pinatunayan ng Diyos, na ang Biblia, sa pamamagitan ng pitong tatak ay ganap nang naihayag, naghihintay na lang tayo ngayon sa pitong mga hiwagang iyon sa kadulu-duluhan, tungkol sa pagdating ng Panginoon, at ng pag-agaw ng Iglesia na maaaring maganap bago mag-umaga. Ay, naku.

Mahal Siya, (Buong katapatan)

Mahal Siya,

Pagkat minahal Niya ako,

Nag-alay ng Kaligtasan

Sa Kalbaryo.

87 Buong katahimikan ngayon ...Napapagtanto ba ninyo na ang bawat isa sa atin dito ay kailangang umalis dito, na iiwan natin ang mundong ito? Alam ba ninyo na ang taong isinilang ng isang babae ay bilang na ang araw, at punung-puno ng kahirapan? Alam ba ninyo na dahil isinilang tayo mula sa punong kahoy doon sa Eden, ng kamatayan, na kailangan nating mamatay? Bunga tayo ng sinapupunan ng ating ina, at kailangan nating mamatay, kailangan nating hiwalayan ang buhay na ito. Bata man o matanda ay walang kaibahan. Kung ang pinakamatandang lalaki o babaeng naririto ngayon ay nabubuhay pa sa

83 Panginoong Jesus, kami ay mga taong nagsi -nagsisikap sa abot ng aming makakaya na lumakad sa Liwanag ng Iyong dakilang Ebanghelyo na siyang dahilan ng Iyong pagkamatay. Labis kaming nagpapasalamat na makita sa masama at madilim na panahong kinabubuhayan namin sa oras na ito, na nakikita namin ang mga tandang nagsisilitaw, O Diyos, dahil ito na ang sulat-kamay sa dingding, pinasasalamatan Ka namin, Panginoon, na nakikita namin ito at nalalaman naming napakalapit na ng kaligtasan. Nangangaral kami, naglalakbay kami sa buong bansa, nakikita naming nagpapakita Ka ng mga dakilang tanda, araw-araw ay ipinamamalas Mo ang Iyong Sarili, taun-taon. Walang taong lumilipas na hindi ka nagsusugo sa ibabaw ng lupa ng (dakilang) tandang sobrenatural. At nakikita namin ito, nalalamang ang dakilang hukbo ng Diyos ay sumusulong.

Oh, hindi sila marami sa bilang, datapuwa't isa iyong makapangyarihang lupon na may Buhay na Walang Hanggan. Ang sabi, "Tatakbuhin nila ang isang pulutong at luluksuhin nila ang kuta." Oo, ang pulutong ng kamatayan ay hindi makapananaig dito. Lalampasan Niya iyon, lulundag Siya sa kuta na nasa pagitan ng natural at ng sobrenatural, at paroroon Siya sa mga bisig ng Diyos, doon sa dakilang Walang Hanggan. Panginoong Diyos, pinasasalarnatan Ka namin dahil dito. Alam naming mabilis nang dumaratal ang oras.

84 Dalangin ko, Diyos, na sa gabing ito, kung mayroon mang ilan dito na hindi nakakikilala sa Iyo, na hindi pa nakasusumpong ng kapayapaan. At marahil sa gabing ito, habang nagsasalita kami, ay may maliit na Tinig na nangungusap sa kaibuturan ng kanilang puso, "Nakadarama ako ng isang babala na hindi na aka magtatagal." O, Diyos, nawa'y isaayos nila ang kanilang sambahayan sa oras ding ito. Nawa'y maisaayos ang lahat ng bagay. Nawa ang pagiging malamig ...Marahil ay mga Cristiano sila, ngunit wala' silang. ..Matagal na silang nabubuhay sa silong nito, at masyado na silang maraming nakita, kaya't na -naiwala na nila ang kahalagahan nito. Ito'y ... Ang mga bagay na ito, ay ipinagwawalang-bahala nila, sa halip na buong lalim at kataimtiman nila itong tanggapin.

O Diyos, hayaan Mong suriin namin ang sarili namin ngayong gabi; itulot Mo po ito, nalalaman namin ang mga dakilang bagay na ito ay nagbabala sa amin na malapit nang maganap na pag-agaw ng Iglesia. At kung lipos kami ng kasalanan, kawalang-pananampalataya, at katamaran, hindi kami masasama sa pag-agaw. Batid namin ito, Panginoon, kaya't dalangin naming pagningasin Mo ang Espiritu Santo sa aming mga puso. O Diyos, mag-alab nawa ang aming mga kaluluwa dahil sa Iyong mga pagpapala. Tulungan Mo kaming makaunawa.

Kaya't may pagmamadali ang mensahe, malapit na ang oras. Huwag na kayong maglalaro ng iba pang bagay at kukuha pa ng titulong Bachelor of Art at tutuklas ng kung ano. Ang oras ay napipinto na. Iyan ang problema sa mga tao ngayon; nagsisikap tayong magtayo ng malalaking paaralan at magkaroon ng malalaking mga bagay na tulad ng mga iyon, samantalang ang habag... Naku, kung ipinangangaral natin ang pagdating ng Panginoon, ano't mangangailangan pa tayo ng mga paaralan? Ang kailangan natin ay pagsisisi patungo sa Diyos. Kita n'yo?

39 Gaya ng sinabi ni Hudson Taylor sa batang misyonero, ang sabi niya ... o sa isang binatang Tsino na lumapit sa kaniya, ang sabi niya, "G. Taylor," ang sabi, "Pinuspos ako ng Panginoong Jesus ng Kaniyang Espiritu." Ang sabi, "Na -napakaligaya ko." Ang sabi. "Dapat ba akong gumugol ng sampung taon para makakuha ng titulo at ng iba pa?"

Ang sabi niya, "Anak, huwag ka nang maghintay ng mga titulo. Kung may sindi na ang kandila, humayo ka at ipagsabi mo. Huwag ka nang maghintay pa ng titulo. Lusaw na ang kalahati mo bago ka pa matapos sa iyong titulo."

Tayo na, kung may sindi na iyon, kung wala ka nang iba pang nalalaman, ipagsabi mo lang kung paano iyon nasindihan. Hu -huwag mong piliting kunin ang puwesto ng iba, o ang puwesto ng kung ano. Kung alam mo na sabihin mo lang kung ano ang nalalaman mong Katotohanan. "Ganito Itong dumating sa akin, at ganito ang nadarama ko tungkol Dito." Iyon ay. .. Kung hindi hihigit diyan ang nalalaman mo, iyan lang ang sabihin mo. Tayo na. Apurahan ang Mensahe; ang oras ay napipinto na.

40 Ngayon, ano kaya't sinabi ni Isaias, "Buweno ngayon, maghihintay muna ako at titingnan ko kung ano'ng mangyayari sa pigsa niya. Kita n'yo? Kita n'yo kung paanong -paanong ito'y ... Kita n'yo, ang sabi sa kaniya ng Diyos, "Pumaroon ka at sabihin mo sa kaniya ngayon din. Kita n'yo?

Kita n'yo? At inutusan Niya si Jonas na humayo. Ay, naku. At nang naroroon na siya sa karagatang iyon, o sa malalim na dagat na iyon, at -at inabot ang barko ng bagyo, at sa tuwing itataas nila ang layag ay nagpapaikut- ikot iyon, nagtataka sila kung ano ang nangyayari. Hindi nila maisip, parang mapupuno na ng tubig ang barko. At -at bawa't isa ay nagsitawag sa kaniyang diyos, at ang kasunod na pangyayari ... Nagbabakasyon si Jonah, kaya't naisip niya na makabubuting matulog siya, at marahil ay nanaog siya sa pinaka-ulo ng barko, nahiga siya roong nakataas ang mga paa, mahimbing ang tulog. At ang sabi niya, "Gising, o lalaking antukin, at tumawag ka sa Diyos mo." At alam na ni Jonas kung ana ang problema. Gaya rin naman na alam ng bawat tao ngayon kung ano ang problema. Kita n'yo?

41 At ang sabi niya, "Kasalanan kong lahat ito. Kunin n'yo ako at igapos ang aking mga kamay, at itapon n'yo ako sa dagat, at huhupa ang kaguluhang ito." At may pagka maginoo ang mga taong iyon at ayaw sana nilang gawin iyon, ngunit natuklasan nilang isa siyang propeta at alam niya kung ano ang sinasabi niya. Ang sabi niya, "Bi -binabalak ko munang magbakasyon, ngunit -ngunit ayaw ng Panginoon na magbakasyon ako. Kailangan kong pumaroon; mayroon akong dapat gawin. Binalak ko sanang magpahinga muna nang kaunti bago ako humayo, ngunit kailangan ko nang humayo. Ang -ang mensahe ay apurahan. Kailangan kong pumaroon."

Naiisip ko nang lunukin si Jonas ng inilaang isdang iyon sa loob ng kaniyang tiyan, agad siyang bumalikwas at tumilamsik ang tubig sa lahat ng dako, at buong tulin siyang lumangoy patungong Nineveh. Dadalhin ng Diyos ang mensahe roon sakay ng isang inilaang isda. At buong tulin siyang sumagsag sa Nineveh, sapagkat may -may sakay siyang isang mensahero at ka -kailangan niya siyang madala roon. Mali ang barkong sinakyan niya, ngunit nagkaloob ang Diyos ng ibang barko para sa kaniya.

Kaya, alam n'yo, kayang gumawa ng Diyos ng dakilang mga bagay kung makikinig lang tayo sa Kaniya. Kita n'yo? Gagawa Siya ng daan kung walang daan; Siya ang Daan. Kita n'yo? At kapag talagang apurahan ang mensahe, gaya ngayon, nagkakaloob ang Diyos ng daan.

42 Mapapansin nating muli nang si Amos. ..Nangaral ako tungkol sa lalaking ito, si Amos. Kung gusto n'yong basahin ang kuwento minsan, napakaganda nito. Basahin ninyo ang ang istorya ni Amos, unang kabanata ng Amos. Isa na naman siyang tipo ng -ng babala bago hatulan ang kasalanan. Ngayon, ang bayang bibigyan niya ng babala, ay isang lupon ng mga Judio na -na lahat sila'y pawang nalihis na sa tamang landas at naging isa nang sentro ng turismo. At -at naiisip ko, nang maglarawan ako nang umagang iyon, nangungusap ako tungkol sa kaniya, na nang umahon ang panot na iyon doon sa tuktok ng burol at ang mga mata niya ay naniningkit habang tumitingin siya sa ibaba at nakita niya ang kasalanan ng dakilang bansang iyon at ng mga tao, ang maputi niyang balbas, habang hinihimas iyon ng kaniyang mga daliri ... Naku, ang bagay na iyon. Ngunit walang nakaaalam kung saan siya nagmula. Walang nakakikilala sa mga propetang iyon, bigla na lamang silang lumilitaw mula sa kung saan at umaalis sa gayunding paraan.

43 Datapuwa't pumaroon siya sa bayan taglay ang "ITO ANG SABI NG PANGINOON. Magsisi kayo o mapahamak. Sapagkat wawasakin ng Diyos ang bansang ito. Pa -papalisin niya ang lugar na ito sa balat ng lupa. Nakipagkasundo kayo sa inyong kaaway. At kayo'y -kayo'y naging mapayapa, sa akala ninyo, sa piling ng inyong kaaway, ngunit sa buong "panahong iyon,

Diyos ng -ng kapahamakan sa isang -isang bansa nang walang kalakip na babala. Hindi Siya nagsusugo ng kapahamakan sa isang tao nanghindi muna siya nababalaan. At ngayon, kung ganito ang ginagawa Niya, mayroon nang naganap sa atin, ang bindikasyon ng mga tanda ng mga huling araw sa kalagitnaan natin, ang dakilang Espiritu Santo ay kumikilos sa atin at pinalalakas ang iglesia sa pamamgitan ng Kaniyang Presensiya, binibindika ang Kaniyang Salita. Kung gayon ay naghahanda na ang Iglesia sa isang pag-akyat sa himpapawid isa sa mga araw na ito sa pamamagitan ng kapangarihan ng Diyos. Sapagkat ito'y isang babala upang iwan na natin ang bawat dalahin at ang kasalanang napakadaling pumigil sa atin, upang malipad natin nang may pagtitiis ang takbuhing nasa harapan natin, tungo sa May Akda at Tagapagtapos ng ating pananampalataya.

81 Pagpalain kayo ng Diyos, iglesia. Humawak kayo sa hindi nagbabagong kamay ng Diyos. Opo. Kung nararamdaman ninyo ang Presensiya Niya, lumapit kayo sa Kaniya. Kung may anumang mali sa inyong puso, ayusin n'yo iyan. Maikli na ang panahong natitira sa atin; napipinto na ang pagdating ng Panginoon. Sumasamapalataya ba kayo sa Kaniya? Ay, naku. Hindi ba't magiging napakaganda roon? Ano'ng gandang pagkakataon, kapag nakita ko ang mga nauna sa ating mga beterano na naglalakad sa paraisong iyon. Ay, naku, pinananabikan ko ang oras na iyon.

82 Naaalala ko kapag sinasabi ng kapatid kong lalaki, kapag umuuwi siya galing sa ibayong dagat, mula sa pakikidigma, at sa mga bagay-bagay, ang sabi niya, "Ang mga matatandang beterano, kapag nakita na nila ang Statue of Liberty, dinadala nila ang mga lumpo roon para makita nila ang Statue of Liberty." Iyon ang unang makikita mo sa iyong pagdating, 'pagkat napakataas niyon. "At kapag nakita nila ang bisig na iyon na nakataas," ang sabi, "ang mga lalaking iyon ay humahagulgol ng iyak. Ang mga malalaking lalaking iyon na nakatayo roon, ay nagsisitumba roon sa deck at nag-iiyakan sila." Ano iyon? Isa iyong sagisag ng kalayaan. Lahat ng bagay na iniibig nila ay naroroon sa likuran ng sagisag na iyon.

Oh, ngunit ano kaya ang mangyayari kapag narinig kong bumubusina ang lumang daong ng Sion sa umagang iyon at nakita kong nakawagayway ang mga bandila, kapag tapos na ang pakikibaka at nakamit na natin ang tagumpay (Aleluia.), at pauwi na tayo, kung saan ang kamatayan, ang kasalanan at ang hades ay nalupig na at wala nang kasalanan, wala nang kamatayan, wala nang kalungkutan. Parang naririnig ko ang malakas na pagsipol. Oh, malapit na tayo sa bayang iyon. Opo. Ang mga pangharang ay papalapit na; patungo na sa hantungan ang matandang daong. Tulungan nawa tayo ng Diyos na mamuhay para sa araw na iyon.

(nagpapahinga) nangatutulog. Sapagkat tutunog ang pakakak ng Diyos at yaong mga nangatutulog (o nagpapahinga) ay unang gigising (magbibihis ng kawalang kamatayan).’ Kung magkagayon tayong mga nabubuhay sa araw na iyon (sa pagkakataong iyon, matapos nilang magbangon ... Kita n'yo?) kung magkagayon ay babaguhin tayo sa isang iglap, sa isang kisap-mata, at kakatagpuin natin sila; at pagkatapos ay aakyat tayo upang salubungin ang Panginoon sa himpapawid, at aagawin tayong kasama nila.' Matulog ka man, o hindi, tulog ka man o hindi; saan ka man nakalibing, o kung hindi ka man nakalibing, kasama ka pa rin. Walang maaaring pumigil sa iyo. Kasama ka." Ang sabi ko, "Brother Dauch, kung sakaling hindi dumating si Jesus hanggang sa panahon ng kaapu - apuhan mo sa tuhod, mapaparoon ka pa rin sa isang iglap, at paroroon ka bago pa man sila magbagong-anyo, kung makakasama sila." Tama. Amen.

78 May darating na pagpapala kung paanong may darating na galit. Oh, dapat ay abangan natin ang isa sa kanila ngayong gabi. Alin sa dalawa, mag-abang ka ng galit na darating sa iyo at ng kapahamakan, o kaya'y mag- abang ka ng pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus. Ang siya ring Diyos na nangako ng isa ...Labis akong nagagalak.

O hinihintay natin ang kahariang kay ganda, Darating na si Jesus upang tayo'y ipagsama; Puso ko'y nananabik sa paglayang makakamit, Sa muli Niyang pagparito sa lupa.

Maglalahong lahat ang hirap at mga kasalanan, Libong taong mamamayani sakdal na kapayapaan; (Ay, naku! "At makakapiling nila ang Panginoon magpakailan man ..." Kita n'yo?)

79 Kung ano ang sinabi ng Diyos, iyon ay kailangang maganap. "Magtatayo sila ng mga bahay; titirhan nila ang mga iyon. Magtatanim sila ng mga ubasan at kakanin nila ang bunga niyon. Hindi sila magtatanim at iba ang magmamana. Magtatanim sila ng sarili nilang ubasan at mananatili sila roon." Amen. Amen. "Hindi sila mananakit o maninira man sa Aking banal na bundok." Aleluia!

Kapag ang katawang ito na may kamatayan ay maging isa nang katawang walang kamatayan, ang -ang kamatayan ay nilamon na ng tagumpay, kung gayon ay makikita natin Siya kung ano Siya at magkakaroon tayo ng isang katawang katulad ng Kaniyang maluwalhating katawan. Oh, anong dakilang oras na darating.

80 Ang siya ring Diyos at ang siya ring mga propeta na nagsipanghula ng Salita ng Diyos, O ng galit na mabubuhos, ay nangusap -nangusap din naman ng mga darating na pagpapala. Labis akong nagagalak na hindi nagsusugo ang

ang mga Assyrian -ay nagpapalakas ng puwersa roon. Hindi kayo maaaring magsamang dalawa malibang magkasundo kayo. Iyon lang." Kaya't ang sabi niya ...

At nais ng Diyos na ihiwalay natin ang sarili natin. Nais Niyang lumabas tayo sa sanlibutan, huwag piliting mamuhay sa piling ng sanlibutan at piling ng Diyos, huwag piliting umayon sa takbo ng sanlibutan at gayundin sa Diyos. Kailangan mong mamuhay sa isa lamang, kailangan mong sampalatayanan ang isa lang sa kanila.

44 At ngayon, makikita natin na, itong si Amos, totoong nanghula siya ng kahatulang darating sa bayang iyon, malibang magsisi sila. (At-at naku, akmang-akma ito sa araw na ito.) Sa palagay ko ang dakilang lungsod na ito, habang muli ko itong tinitingnan, ang dakilang lungsod na naroroon, kung paanong napasadlak iyon, at -at ang maunlad na ekonomiya, na nasa kanila sa lahat ng bagay, napakasagana. At inakala nilang talagang nasa sakdal na kalooban sila ng Panginoon, sapagkat umuunlad sila. Ngunit natuklasan nila na hindi pala ang Diyos ang laging pinagmumulan ng kasaganaan. Hindi, ang Diyos ...Kung minsan kapag nanagana na ang mga iglesia, nalalayo iyon sa Kaniya.

45 Alam n'yo, nangusap ang Diyos tungkol sa Israel minsan, ang sabi, "Nasumpungan kitang duguan sa bukid, at pinaliguan kita at kinandili," inaring sarili Niyang anak. "At nang lumaki ka, at naging isang magandang dalaga, ay naging isa kang patotot." Ang sabi Niya, "Ibinibigay mo ang sarili mo sa bawat taong nagdaraan." Kita n'yo? Ngunit nang ika'y naghihirap at nangangailangan, nang -nang nangangailangan ka pa, ay naglingkod ka sa Akin. Ngunit nang pagpalain kita at pinagkalooban kita ng marami, ay saka ka nalayo sa Akin." At halos ay napatunayan na ito ngayon. Ay, naku. Ngayon, makikita natin na talagang sinibak ng propetang iyon ang bansang iyon, ang Amos na iyon. Isa siyang tagapag-araro. Ngunit makikita natin na nang gawin niya iyon, nanibak siya at sinabi niya sa kanila kung ano ang magaganap, at sinabi niya sa kanila na kung hindi sila magpapatuwid sa Diyos, na ang kaaway na kinatuwang nila ang siyang wawasak sa kanila.

46 Ngayon, makikita natin na ang ating mapagmataas na America ay hindi makatatakas sa galit ng Diyos. Gaya nang ipinangusap ko isang araw, mula nang dumating ako rito, natitiyak kong dito iyon, tungkol sa -tungkol sa lahat ng bagay na magaganap sa huli. Alam n'yo, wa -wala akong makitang maaaring gawing saligan. Hindi ka maaaring sumalig sa pulitika; wala na ito. Hin -hindi ka maaaring sumalig sa buhay-lipunan, dahil nasira na ang moral nito. Wala -wala -wala kang maaaring gawing saligan doon. At hindi ka makaaasa sa anumang bagay.

"Paano naman ang iglesia?"

Buweno, wala kang magagawa sa iglesia; napakapormal na nito at wala na, wala nang natitira pa. Naipagbili na nila ang kanilang pagkapanganay sa isang tasang gulay, at -at naghihintay na lang sila ng kahatulan. Natawid na ng Espiritu Santong ito ang bansang ito, naipakita na Niya ang Kaniyang mga tanda at kababalaghan, at patuloy nilang tinatanggihan ang Kaniyang biyaya. Binibindika Niya ang Sarili Niya, at pinatutunayan sa pamamagitan ng Kaniyang dakilang bindikasyon na Siya ang Salita ng Diyos na nahayag sa araw na ito. At tinatanggihan pa rin nila ito. Kita n'yo? Wala nang natitira ngayon. Hindi mo maaaring laging gawin iyan sa Diyos. Kita n'yo?

47 Mabuti, makikita natin na una, isinusugo Niya ang Kaniyang mga propeta dala ang babala. Hindi Siya nagbabago ng pamamaraan, ng paraan ng pagsasagawa ng mga bagay-bagay. Hindi laging may kasabay na hampas kapag nagbababala Siya. Napansin ba ninyo iyon? At kung hindi Siya manghahampas kapag nagsugo Siya ng babala, kung magkagayon ay lilibakin ang propeta. "Wala naman iyon sa iyo. Kasinungalingan ang sinabi mo." Hi - hindi tama ang sinabi mo." Gayun din marahil ang sinabi ng mga tao tungkol kay -kay Isaias. Ano sa palagay n'yo ang nasa isip ng lalaking iyon nang umahon siya roon at manghula na mamamatay na ang hari, pagkatapos ay bigla siyang babalik at magsasabi, "Hindi, mabubuhay siya"?

48 At ano ang nangyari kay Jonah na nagpalakad-lakad sa mga lansangan, na nagsasabi, "Oh, ang bayang ito ay mawawasak sa loob ng ganito karaming araw, apatnapung araw," at pagkatapos ay hindi iyon ginawa ng Diyos?"

Kita n'yo. Kailangan n'yong mag-ingat, hindi laging nanghahampas ang Diyos kapag nagbigay Siya ng babala. Ngunit Siya ... Isang bagay, kung magkagayon ay nalilibak ang propeta. Ngunit kung isa siyang bindikadong propeta na taglay ang Salita ng Panginoon (Kita n'yo?), na may mga tandang mula sa Diyos, nabindikang tulad ng sinabi ng Diyos na magaganap sa isang propeta, at nabindika nga ang mga lalaking ito. Kita n'yo? Hindi kaniya ang salita Niya, kundi sa Diyos, at mangyayari iyon. Kailangan iyong mangyari, kung iyon ay Salita ng Diyos. Isang bagay lang ang maaaring pumigil nito, iyon ay ang madaliang pagsisisi.

49 Pansinin n'yo, si Amos, na -nakita pa niya ang katuparan ng kaniyang hula, ngunit nang mangusap si Amos tungkol sa bayang iyon, kung paanong magaganap iyon, kung paanong papapasukin ng Diyos ang mga Siriano, at sasakupin sila ng mga iyon, at iba pa, at kung paanong ang sarili nilang kabulukan ang lalamon sa kanila. Aba, ang paniwala ko ay ngayon na iyon … Tinitingnan ko rito ang Kasulatan, at kung tama ang bilang ko rito, ito'y mga limampung taon matapos manghula ni Amos. At ngayon, ano sa palagay n'yo?

instrumento Niya (Tama.); iyon ay ang Salita. Ang Kaniyang Salita." At sinabi ni Jesus sa San Juan 5 :24, "Ang dumirinig ng Aking Salita ...Ngayon, ang salitang 'dumirinig' diyan ay hindi nangangahulugan na nakinig ka lang sa isang tunog. Ang' dumirinig' na iyan ay nangangahulugang 'ang tatanggap Nito.' 'Yaong makatatanggap ng Aking Salita,' (Amen.) 'ang dumirinig Nito!' (Huwag kang tatayo at tatawagin Iyong kalokohan. 'Ang mga bagay na iyan, wala ‘yan. Hindi ako naniniwala Riyan.') 'Ang dumirinig ng Aking Salita. ..(A-hah.) Iyon ay ang Salita ni Jesus, na siyang Salita. Hayan. 'Kung diringgin mo ang Aking Salita,' ang sabi Niya, 'at sasampalataya ka sa Kaniya na nagsugo sa Akin ay lumipat ka na mula sa kamatayan tungo sa Buhay; at hmdi ka na haharap sa kahatulan, bagkus ay nalampasan mo na iyon.' Amen." Ang sabi ko, "Kumusta ang tibok ng puso mo ngayon?"

Ang sabi niya "Sinasampalatayanan ko iyan. Narinig ko na. Tinanggap ko na."

Ang sabi ko, "Kung gayon, ayon sa Punong-Espesyalista, an'g Punong-Tagapagtistis, ang sabi ng Punong-Duktor ng Buhay na Walang Hanggan, 'Nailipat ka na mula sa kamatayan tungo sa Buhay at hindi na haharap sa paghatol.",

76 Ang sabi niya, "Nang marinig kitang nangaral tungkol sa bautismosa Pangalan ni Jesus Cristo, sumunod kaagad ako sa likuran mo at binautismuhan mo ako." Ang sabi, "Ako'y ... ang dating pagkatao ko, hindi na ako iyon. May nangyari sa akin. Dati akong nagwawalang bahala tungkol dito at taliwas ang landas na tinatahak ko, ngunit lumiko na ako at nagsimulang maglakad sa landas na ito. At nag-aalab ang pagnanasa ng puso ko araw at gabi na higit akong mapalapit sa Kaniya. Ang bawat Salitang nakapaloob diyan, ay sinasampalatayanan ko. Kahit pa masaktan ako; nais kong iayon ang sarili ko rito. At nagawa ko na iyon sa abot ng aking nalalaman."

Ang sabi ko, "Sa tingin ko ay maganda ang tibok ng puso mo. Na - naniniwala akong magaling ka na ngayon sa espirituwal mong kalagayan."

Ang sabi niya, "Iniisip ko kung magaganap ang pag-agaw, makasama kaya ako, Brother Branham?"

Ang sabi ko, "Hindi ako ang magsasabi kung sino ang sasama o hindi."

77 Ang sabi niya, "Buweno, nais kong abutan akong nabubuhay, Dais kong - nais ko talagang makita ang pag-agaw."

Ang sabi ko, "Mabuti, tingnan ko nga kung -kung ano ang nakasaad dito sa Aklat ng Agham, tungkol diyan, itong aghamng kaluluwa." Ang sabi ko, "Buweno, ganito ang nakasaad sa II Tesalonica sa ikalimang kabanata. Ang sabi, ‘Tayong mga nangabubuhay at natitira hanggang sa pagdating ng Panginoon ay hindi makapipigil (ibig sabihin, "makakahadlang") sa mga

dumating kaagad ang kahatulan. Kita n'yo? Ngayon, ngunit binabalaan muna Niya ang lahat. Lahat ay binibigyan ng babala.

Ngayon, yamang nakikita nting malapit na ang oras, nawa'y lahat ng mga nakadaramang mayroon nng babala, ay humangos na sa pagsisisi bago pa dumating ang galit ng Diyos.

Ngayon, dalhin natin ito sa Branham Tabernacle. Kita n'yo, nakita na natin ang mga bagay na ito at alam nating ang mga ito'y pawang Katotohanan. Alam nating ito ang hindi mapapasubali ang Katotohanan. Ang alas ng Salita ay, "Kung magsisisi kayo at magpapabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, ay tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat ang pangako ay sa inyong mga anak, at doon sa mga nasa malayo." Kita n'yo?

74 Ngayon, may isang lalaki, si G. Dauch, ay nagtanong sa akin hindi pa katagalan, ika niya, "Brother Branham, tumatanda na ako. Nanghihina na ako, nobenta'y uno anyos na ako." Ang sabi niya, "Sa palagay mo ba ay handa na akong mamatay? Handa na kaya akong lumisan? Ligtas na kaya ako?"

Ang sabi ko, "G. Dauch, nasubukan mo na bang magpatingin sa --sa duktor at magpa-physical check-up?

Ang sabi niya, "Qo."

"At sasabihin mo sa kaniya ...Ngayon, ang gagawin ng duktor, may aklat siyang nakalapag doon, at kukunin niya ang aklat na iyon at maghahanap siya roon. 'Ngayon, ang una kong dapat gawin sa taong ito, ay ang suriin ang puso nya.' " Kaya't kukuha siya ng stethoscope at ilalagay iyon sa tainga niya, at susuriin niya ang puso niya. At ang sabi ko, "Pagkatapos, ang kasunod na kukunin niya, ay ang presyon ng kaniyang dugo, sa pamamagitan ng isang -sa pamamagitan ng presyon sa kaniyang bisig. Pagkatapos naman ay kukuha siya ng kaunting ihi, at kung ano man iyon, sampu ng kaunting dugo niya, at lahat ng iba't-ibang mga bagay na ito. Iisa-isahin niyang lahat ang mga iyon, at kung wala siyang makitang diperensiya ... Kukunin niya ang X-ray. Kung wala pa rin siyang makita, ang sasabihin niya ay, 'G. Dauch, maayos ang iyong pisikal na pangangatawan.'"

"Ano ang batayan niya? Ayon sa mga kundisyon na isinasaad ng kaniyang aklat ng panggagamot, na kung may dipirensiya, ayon sa head scientist ay lilitaw iyon dito, at ganoon ang magiging resulta. Kung gayon, sa abot ng kaalaman niya, ay maayos ang lagay mo (Kita n'yo?) sa pisikal na pangangatawan."

75 "Ngayon," ang sabi ko, "Sa kasong ito, bibigyan kita ng pagsusuri ng kaluluwa. Kita n'yo? At ang Diyos, para sa kaluluwa, ay iisa lang ang

Isang buong salinglahi ang nagdaan bago natupad ang hula ni Amos. Ngunit kung babasahin n 'yo rito, ito ang magsasabi sa inyo, at natupad iyon nang tamang-tama sa bawat salita kung ano ang sinabi niya. Kita

n'yo?

Nakita ni Juan ang Aklat ng Apocalipsis. Hindi iyon naganap sa panahon niya. Ngunit nakita nating naganap iyon nang akmang-akma. Kita n'yo?

Hinula ni Daniel ang tungkol sa araw na iyon, ang tungkol sa kaniyang kaarawan at sa lahat ng mga panahong iyon. Hindi niya nakita ang katuparan niyon. Ang sabi Niya, "Humayo ka, Daniel, ipinid mo ang aklat -ang aklat at - at isara mo ang aklat. At mahihimbing ka sa iyong bahagi, ngunit sa araw na iyon ay magbabangon ka." Kita n'yo?

Ngayon, kita n'yo, siya ... hindi mo palaging ... ang Diyos ... kaagad na humahatol kasabay ng panghuhula. Ang hula ni Amos, gaya ng sinabi ko, ay naganap pagkalipas ng limampung taon. Ngunit naganap iyon.

50 At kung magkagayon ang propeta ay isang -ng Biblia ... Ang isang tunay at totoong propeta ay isang bukod-tanging tao. Hindi bukod-tangi, dahil wala naman siyang kaibahan sa iba, ngunit mayroon siyang bukod-tanging gawain. Kita n'yo? At dahil mayroon siyang bukod-tanging utos, kaya dapat ay bukod-tanging siya (medyo iba ang tinatahak niyang landas kaysa sa iba) para niya maisakatuparan iyon. Gaya ng itinulad ng Diyos ang Kaniyang mga propeta sa agila.

Ngayon, ang agila ay isang bukod-tanging ibon. Isa lamang siyang ibon, ngunit isa siyang bukod-tanging ibon. At mas mataas ang naaabot ng lipad niya, kaysa sa ibang mga ibon. Mas malayo ang naaabot ng tanaw niya. At ngayon, para makalipad siya nang mas mataas, kailangang ang pangangatawan niya ay maging matibay. At ano ang magagawang buti sa kaniya ng paglipad doon sa itaas malibang makita niya kung ano ang ginagawa niya matapos niyang marating ang taas na iyon? Kita n'yo? Kaya't talagang bukod-tangi ang ibong iyon. Kita n'yo? Siya ay kabilang sa pamilya ng lawin; nanglalaslas siya sa pamamagitan ng kaniyang tuka. At kinakain niya ang ... Marami sa kanila ang kumakain ng bulok. May apatnapung iba't-ibang uri ng mga agila.

51 Ngunit kita n'yo, sa loob ng iglesia ay naroroon ang pastor, at ang pastor ay isang bukod-tanging tao. Ang pagkakayari sa kaniya ay kaya niyang - kaya niyang tiisin ang mga sigalutan ng mga tao. Isa -isa siyang tao na maaaring maupo kapag ang - kung mayroong taong may sama ng loob sa iba, at uupo siyang kasama ng dalawang pamilyang iyon, at wala siyang papanigan, at makikipagkatuwiranan siya, at magagawa niyang isauli ang matamis na

pagtitinginan. Kita n'yo? Isa siyang pastor, alam niyang pangasiwaan ang mga bagay-bagay.

Ang ebanghelista ay isang bukod-tanging tao. Isa siyang lalaki na nagniningas na tulad sa isang bolang apoy. Pupunta siya sa isang bayan at mangangaral, at pagkatapos ay lilipat naman sa iba. Kita n'yo, isa siyang bukod-tanging tao.

Ang guro ay isa rin namang bukod-tanging tao. Sisilong siya sa pahid ng Espiritu at kaya niyang kunin ang mga Salita at pagdugtung-dugtungin ang mga Iyon sa tulong ng Espiritu Santo, at maging ang pastor o ang ebanghelista ay hindi maikukumpara sa kaniya. At makikita nating ang apostol ay isa ring bukod-tanging tao. lsa siyang -isa siyang tagapagsaayos. Isa siyang lalaki na isinugo mula sa Diyos upang magsaayos ng mga bagay- bagay.

52 Ang propeta ay isang bukod-tanging tao. Ang propeta ay isang taong dinaratnan ng Salita ng Panginoon, sapagkat ang buhay ng propeta ay nakadisenyo upang ang pang-ilalim niyang ulirat, at ang una niyang ulirat ay magkalapit na magkalapit hanggang sa hindi na niya kailangang matulog para managinip; nakikita niya iyon kahit gising na gising siya. Kita n'yo? Ngayon, iyan ay isang bagay na kailangang gawin ng Diyos. Kita n'yo, nakikita niya kung ano ang mangyayari.

Nakikita ng isang propeta ang mga bagay na darating (Kita n'yo?) kahit matagal pa iyon mangyayari. Nakikita niya ang saro ng galit ng Diyos, na umaapaw na bago pa iyon mapuno. Kita n'yo? Magagawa niyang sabihin, "ITO ANG SABI NG PANGINOON, wawasakin ng Diyos ang bayang ito malibang magsisi kayo." Bakit? Isa siyang agila. Doon siya naglalayag sa mataas. Kita n'yo? At titingin siya roon sa malayo at makikita niyang maibubuhos na ang saro ng galit. Iyan ang nakikita ng mga propeta. Hindi niya tinitingnan kung ano ang nangyayari rito; doon siya sa malayo nakatanaw. Ang sinasabi niya, "Darating na iyon." Napakataas ng nalilipad niya hanggang sa makita niya ang kulimlim na bahaging iyon. Ang sabi niya, "Ang mundo ay magkakaganito ...? ... kadiliman at pusikit na kadiliman." Sapat ang taas niya, sumisikat ang araw ngayon, ngunit nakikita niyang dumarating ang kulimlim na iyon, at si -si -sinasalita niya kung ano ang nakikita niya. Wala pa iyon dito, ngunit tiyak iyong darating. Tama. Darating iyon, ang pusikit na kadiliman sa mga tao. Alam niyang darating iyon bagama't napakaraming taon pa bago maganap; gayunma'y nakikita na niya.

Si Amos, ang pinahirang propeta ng Diyos, nakita niya ang -ang kadiliman at ang kahatulan. Nakita niyang nanaog ang Syria na may mga karuwahe at lumusob gila roon, pinagpapatay ang mga tao. Nakita niyang paparating iyon at ang kahatulan ng Diyos ay nasa kanila na bagamat limampung taon pa bago naganap iyon. Ngunit, kita n'yo, dahil sa isa siyang propeta, na inangat siya

isang -isang estudyante sa kolehiyo, sampu ng iba pang mga bagay na ito; wala pa rin noong pangulong Catolico at iba pa, na naipangusap. May tatlumpung taon na ngayon ang nakalilipas, O higit pa, ang mga bagay na ito ay naihula na, ngunit ang ipinakita lang Niya sa akin ay kung ano ang naroroon sa dulo. At habang papalapit nang papalapit ang pangyayaring iyon, sa bawa't pagkakataon, ay unti-unting napupuno ang saro. At ang pagsisisi ay naipangaral na ni Billy Graham, ni Oral Roberts, at ng iba pa. Nagsidaan sa bansang ito ang mga propeta, at iba pa, taglay ang mga tanda at kababalaghan at patuloy pa rin siya sa pagtatampisaw sa kasalanan. Iyan ang dahilan kung bakit hindi sila nagsisisi, iyon ang magdadala nito.

71 Pansinin n'yo, hindi nagsisi si Achab nang sawayin siya ni Elias. Kung nagsisi lang sana si Achab, at naging maamo siya sa harapan ng Diyos, hindi na sana naganap iyon. Ngunit nanaog si Achab doon at inagaw niya ang ubasan ni Naboth, at ipinapatay niya siya, at lahat ng mga kasamaang iyon. At si Jezebel ...Lumabas ang propetang iyon doon taglay ang ‘ITO ANG SABI NG PANGINOON.’ Ngunit ano ang ginawa nila? Binantaan niya siyang patayin. Ano'ng nangyari? Natupad ang kaniyang hula, kinain siya ng mga ago at hinimod nila ang dugo ni Achab, nang akmang-akma sa kaniyang sinalita. Nakita niyang puno na ang saro. Kita n'yo?

Iyan ang dahilan na ang abang si Micheas, ganoon din ang sinabi niya, paano niyang magagawang basbasan ang bagay na isinumpa na ng Diyos? Kita n'yo, ang kaniyang -ang kaniyang salita, at ang kaniyang hula ay nakatulay sa Salita.

72 Si Herod hindi siya nagsisi nang sabihin ni Juan, "Hindi makatuwirang kasamahin mo ang asawa ng iyong kapatid." Hindi siya nagsisi. Ngunit ano ang ginawa niya? Hiningi ng asawa niya ang ulo ng propeta. Tingnan n'yo ang karumihang kinasadlakan niya. Tingnan n 'yo kung ano ang nangyari sa kaniya. Tingnan n'yo, maging hanggang ngayon doon sa sa Switzerland, ang'--ang tubig ng pagtanggi sa Kaniya ay kumukulo pa rin bilang isang -isang alaala. Kita n'yo? Sadya ngang hindi siya nagsisi nang sawayin siya ng Panginoon. Sinabi sa kaniya ni Juan, kahit sino pa siya (kung isa man siyang mananalumpati, o anuman siya; o kahit pa siya isang emperador, o sino man siya, dapat siyang magsisi kapag nanawagan ang Diyos, kung hindi ay darating sa kaniya ang galit. Ilang ulit na naganap sa mga propeta ...Isinulat ko iyon dito, ngunit kulang ang oras natin, dahil sampung minuto na lang ang nalalabi sa akin.

73 Kung walang pagsisisi, tiyak na darating ang paghatol! Nagsisi si Ezechias. Kita n'yo? Nagsisi ang Nineveh. Hindi nagsisi Achab. Hindi nagsisi si Nabucodonosor. Ang mga tao noong panahon ni Noe ay hindi nagsisi, at

nilang gamitan siya ng artificial respiration, at kumuha pa nga sila ng makina para mapalabas ang tubig na nainom niya." Ang sabi, "Nakapalda siya noon. Nagpipiknik sila. May natapakan siyang buhangin, nadulas siya at nasakal siya doon sa ilalim ng tubig. Walang nakapansin sa kaniya. At bigla na lang nila siyang nakitang lumulutang at lumulubog, at nagmadali sila upang sagipin siya." At ang sabi, "Muntik na . siyang mamatay." Ang sabi, "Siya ay. .."

Ang sabi ko, "Iyon na ang oras ng kamatayan niya."

Kita n 'yo, alam ng Diyos kung ano ang ginagawa Niya. Ngayon, marahil ay sinabi sa akin iyon ng Diyos, kung hindi sana gano'n ang naging asal ko, "Panginoon, may dapat Kang ipaunawa sa akin, ipaliwanag Mo sa akin iyon." Wala Siyang pagkakautang sa akin.

69 Nasa isang gawain ako isang gabi at narinig ko ang isang ebanghelista na nananalangin para sa isang maysakit, ang sabi, "Diyos, inuutusan Kita na pagalingin Mo ang taong ito." Sino? Uutusan ang Diyos? Kita n'yo? Ni -ni -ni hindi nga matalinong gawin iyon (Kita n'yo?), sapagkat ang -ang Diyos, gagawin Niya kung ano ang nais Niyang gawin. Maaa- ri -maaari bang sabihin ng putik sa manggagawa ng palayok, "Bakit mo ako ginawang ganito?" Kita n'yo? Hindi maaari. Ngunit kung magagawa ng propeta ang manahimik, at hilingin sa Panginoon ang katugunan, ay darating ang katugunan. Kita n'yo?

Katulad ng taong iyon na nagtatanong tungkol sa -sa -sa binhi ng serpente. Kita n'yo? Mag -magmasid lang kayo, at huwag -huwag kayong -huwag kayong magmadali. At kung magkagayon ... Ngayon, lahat ng bagay ay pinaglalakip-lakip ng Diyos, sa ikabubuti niyaong mga nagsisi-ibig sa Panginoon.

70 Ngayon, kung- kung hindi nagsisi ang Nineveh, dapat sana'y dumating sa kanila ang kahatulan ng Diyos. Ngayon tandaan n 'yo, kailangang makinig ng propeta. Isa iyong babala.

Ngayon, gayon din sa bansang ito ...Pagkatapos ay sasabihin mo, "Brother Branham, noong nakaraang Linggo ay sinabi mong 'Wala nang pag-asa.'" Oo. "Bakit?" Tinanggihan na nito ang panawagan. Kailangan nito itong tanggapin. Tatanggapin ito nito. Darating ang oras kung kailan magkakapira-piraso ang bansang ito. .Nakita ko na noon pang 1933. Kita n'yo? Tumingin ako roon sa malayo.

Ang sabi n 'yo, baka sabihin n'yo, "Buweno, hindi naman nangyari iyon noon."

Ngunit mangyayari iyon. Wala pa fin sa kapangyarihan noon si Mussolini; hindi pa rin naitatayo noon ang Maginot Line; hindi rin naman hugis itlog ang mga kotse noong mga panahong iyon, at pati na ang mga bagay-bagay; hindi pa rin noon nakapaghahalal ang kababaihan ng isang pangulong mukhang

papasok sa Espiritu at nakita niya iyon habang malayo pa. Kita n'yo? Nakita niyang puno na ang saro bago pa iyon mapuno.

53 Gaya ni Abraham, sinabi ng Diyos kay Abraham, "Ang binhi mo ay paroroon sa bansang iyon at maglalakbay doon sa loob ng apatnapung taon, at pagkatapos ay ilalabas Ko sila sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay, sapagkat ang kasamaan ng mga Amorita ay hindi pa puno." Kita n'yo? Alam ng Diyos na mapupuno ang sarong iyon. Nakikipag-usap Siya sa Kaniyang propeta. Ang sabi Niya sa kaniya, "Nakikita mo ba ang sarong iyon ng mga Amorita (Kita n'yo?), ngunit hindi pa napupuno ang kasamaan nila, Abraham. Huwag ka munang magsasalita ng anuman tungkol dito, maghintay ka lang, datapuwa't darating iyon. At kapag puno na ang saro nila, at pagkalipas ng apatnaraang taon, ay ay itataboy Ko silang gaya ng mga balang sa inyong harapan, at pagtitibayin Ko ang iyong binhi sa lupaing ito." Amen. Iyon ang propeta ng Panginoon.

54 Ngayon, kapag sinalita niya ang kaniyang pangitain, galit man iyon, o kagalingan, magaganap iyon kung sinalita niya iyon sa Pangalan ng Panginoon. Kita n'yo? Maaaring isang pagpapala ang sasalitain niya para sa iyo. Maari siyang magsabi sa iyo ng isang bagay, at hindi mo iyon maunawaan bahagya man. Sasabihin mo, "Paanong magkakagano'n? Aba'y isa siyang ...A -a -ako'y ...Sinabi niya sa akin, ‘ITO ANG SABI NG PANGINOON’, ganito ang magaganap, at ganoon ang magaganap,' at -at hindi naman naganap. Mali ang taong iyon." Ngayon, hahatulan ka dahil sa hindi mo Iyon pinaniwalaan, ngunit magaganap at magaganap pa rin iyon. Kita n'yo? Kailangang maganap iyon.

"Maaaring magtagal iyon ng kaunti," ang sabi ng Biblia, "gayunman ay maisasaysay iyon sa tamang kapanahunan." Magaganap iyon.

55 Tumitingin lamang ang propeta sa malayo at may nakikita siya. Ipinangungusap niya kung ano ang nakikita niya. Hindi niya iniisip ang tungkol dito at kung ano ang hitsura mo ngayon; ang tinitingnan niya ay kung ano ang kalalabasan mo. At kapag sinalita niya iyon, kung iyon ay nasa Salita ng Panginoon, nabigkas na iyon, at walang anumang bagay sa mundo ang maaaring pumigil niyon. (Kita n'yo? Tama.) Tanging ang Diyos lamang. Pansinin, ngayon makikita natin na kapag si -sinalita Niya ang kaniyang pangitain, itong propeta ... Ngayon, minsan ay mabubuting bagay ang ipinangungusap niya; nangungusap siya tungkol sa iyong kagalingan. Tama, maaaring mag-isip ka, "sadyang hindi maaaring mangyari iyon; hindi naman ako umiigi." Kung gayon ay ano ang nagagawa no'n? Pinararating lang niyan ang kahatulan ng Diyos sa iyo. Tama. Kita n'yo? Ipinangako ni Jesus na ililigtas ka Niya kung sasampalatayanan mo iyon; kung hindi mo iyon

sasampalatayanan -hindi iyon mangyayari sa iyo. Kailangan mo iyong tanggapin; kailangan mo iyong sampalatayanan. Kita n'yo? At dapat mong malaman kung saan iyon nagmula, dahil iyon ang magbibigay sa iyo ng pananampalataya sa Diyos o sa iyong propeta. Kita n'yo? Kailangan n'yo iyong sampalatayanan.

56 At ngayon ay makikita natin dito na ang mga propetang ito na nagsipangusap, na -nangusap sila at naganap kung ano ang ipinangusap nila. At kapag ang galit ng Diyos ay nabuhos sa mga tao, isang bagay na lamang ...Kung sinabi ng propeta na ganito at ganoon ang mangyayari, isang bagay lang ang makapipigil nito, ang kamay ng Diyos; iyon ay ang pagsisisi. Iyon ay ang pagsisisi sa harap ng Diyos; iyon ay pipigil sa galit Niya. Ngayon, huwag na ninyong hintayin iyon, gawin na ninyo kaagad. Kung may sasabihin ang Diyos, gawin mo na kaagad.

57 Si Ezechias, sa sandaling malaman niyang ...Isa siyang mabuting tao, ngunit ang sabi ng Diyos, "Dumating na ang oras mo, Ezechias, at kakailangan na kitang kunin. Na -nais kitang kunin; dadalhin kita roon sa itaas. Isaayos mo ang buo mong sambahayan."

At ang -ang -ang sabi niya, "Aabutin ng labing limang taon para magawa ko iyan, Panginoon." Kita n'yo? "Ngayon, kung Iyong ... a-a -alam kong pananaw na ako, ngunit aabutin ako ng labinlimang taon bago ko maisaayos ang sambahayan ko. Hindi ko kaagad iyon maisasagawa. Hi -hindi sapat ang oras para gawin ko iyon. Hi -hindi ko talaga kayang gawin iyon. Hindi ko maisasaayos ang aking sambahayan ...

Kita n'yo, Ang utos ng Diyos ay, "Isaayos mo ang iyong sambahayan." ,

At ang sabi ni Ezechias, "Hindi ko kaya sa taong ito; aabutin ako ng ...Bago ko pa mabawi ang ganito, at ayusin ito at dalhin ito sa taong ito, a -aabutin ako ng labinlimang taon bago ko magawa ito. Iligtas Mo ako nang magawa ko ito. Hayaan Mong --,. hayaan Mong ...Bigyan Mo ako ng kaunti pang panahon para magawa ko iyon." Kita n'yo?

Pagkatapos ay sinabi ng Diyos, "Ma -ma -magiging maluwag Ako." Ngunit kailangan pa rin niyang mamatay. Kita n'yo?

58 At minsan pa, ay nagkaroon siya ng pagkakataon, ngunit nalayo siya sa Diyos sa loob ng panahong iyon. Kita n'yo? At siya'y -mas mabuti pa siguro kung yumao siya nang hindi ayos ang sambahayan niya. Tama. Ngunit binigyan Niya siya ng labinlimang taon pa upang isaayos ang sambahayan niya. Sapagkat ano ba ang agad niyang. ginawa? Ang sabi niya, "Panginoon, mabagal po ako. Kailangan ko ng labinlimang taon bago ko magawa ito. Initusan mo akong ayusin ko ang aking sambahayan. Hindi ko kaya sa loob ng

"Oh," ang sabi niya, "ngayon, ano ba ang nangyayari sa iyo?"

Ang sabi, "Dulo na ito paglalakbay." Kaya't ang sabi niya, "Opo, Inay,

sa loob lamang ng ilang minuto ay aalis na ako."

Buweno, ang akala niya ay nininerbiyos lang siya at nagdidiliryo. Tinawag niya ang nars; kinuha ng nars ang bilang ng kaniyang paghinga. Normal ang lahat. At sa loob lamang ng limang minuto ay wala na siya; patay na siya.

At nang umuwi ako isa o dalawang linggo pagkatapos noon. ..Wari ko'y si Brother Graham ang nangaral sa libing ng babaeng iyon. Nang umuwi ako at ibinalita sa akin ni Meda na namatay ang babaeng iyon nang gabing iyon, naku, hindi ko ...

Pinuntahan ko ang ina niya. "Siyanga."

67 At hi -hi -hi -hindi ko alam kung ano ang nagbunsod sa akin upang gawin iyon, ngunit ang sabi ko, "Panginoong Diyos, may dapat Kang ipaunawa sa akin (Kita n'yo?) matapos kong pumunta roon at -at sabihan ko ang asawa niya, at lumapit naman siya sa Panginoon matapos Mong gawin ang mga bagay na iyon para sa kaniya, at lahat na, at pagkatapos ay bigla Mong kinuha ang buhay ng babaeng iyon." Ani sabi ko, "Mayroon Kang dapat ipaunawa sa akin."

Kapag nagsalita ka ng ganoon sa Diyos, iiwan ka Niyang nakaupong nag-iisa. Hindi ko ... Wala Siyang dapat panagutan sa akin. Ako ang may pagkakautang sa Kaniya. Buweno, hinayaan Niyang sumama ang loob ko sa loob ng ilang araw, alam n'yo na. At pagkalipas ng mga tatlo o apat na buwan, isang araw ay naroroon ako sa pangpang ng sapa, at nangusap ang Panginoon sa akin sa isang pangitain, at nagsabi, "Ngayon, puntahan mo ang ina niya, at sabihin mo ito sa kaniya. 'Hindi ba't sumapit na ang oras: niya noon pang isang taon bago pa maganap iyon, nang malunod siya sa sapa habang nagpipiknik? Dapat sana'y namatay na siya noon, ngunit kailangang kunin Ko siya sa pagkakataong handa na siya?' At iyan ang dahilan kung bakit nangyari ang lahat ng iyon at kung bakit nagpunta ka roon. At lumuhod ako't nanangis, ang sabi ko, Panginoong Jesus, patawarin Mo ako, ang Iyong aba at mangmang na lingkod. Hindi ko dapat sinabi iyon, Panginoon."

68 At binalikan ko ang babaeng iyon; dito siya nakatira sa Kalye Market. At pinuntahan ko siya, at ang sabi ko, "Nais kitang tanungin."

Ang sabi niya, "Aba'y oo, Bill."

At ang sabi ko, "Totoo bang muntik nang malunod ang anak mong iyon?" Ang sabi niya, "Tama 'yan, Brother Branham." Ang sabi, "Ang asawa niya at ang iba nilang kasama -inahon nila siya sa sapa." At ang sabi pa, "Kinailangan

kinabukasan, aalisin ang bata Buweno, nagpunta ako roon. At dahil nangyari iyon ...Ngayon, hindi ko alam iyon, hindi ko alam. Walang sinasabi ang Panginoon sa akin tungkol doon. Kahit tanungin n'yo ang mga taong iyon, kung gusto ninyo. Kaya't sila'y ... Siya ay ... Hindi Niya sinabing magkakagano'n. Ngunit, ay, naku, ang makita ang gano'ng pangyayari; ang asawa niya, na isang makasalanan, ay nagpunta sa akin at nagsabi, "Brother Branham, na -nais kong ipagkaloob ang buhay ko sa Panginoong Jesus." At ang sabi ko, "Mabuti, lumuhod ka rito at hawakan mo ang kamay ng asawa mo, at magsama kayong mamuhay nang matuwid."

66 Nagbalik ang ina; ang sabi, "Brother Branham, alam mo, narito aka sampu ng aking mga anak," ang sabi, "labas-masok kaming lahat, labas- masok, at nasa paligid lang kami ng Tabemakulo, at lahat na. Nauupo kami at nakikinig sa iyong pangangral, at nagsisilapit kami sa altar at nagsisibalik." Ang sabi, "Ako man ay nalayo na rin, Brother Branham." Ang sabi niya, "Nais kong magbalik-loob sa Panginoong Jesus dahil sa kabutihan Niya sa aking anak." Buweno, kita n'yo, na -napakaganda niyan, ngunit hindi kayo dapat lumapit sa Panginoon dahil lang diyan.

Pagsapit ng hatinggabi, ala-una, nakatulog ang ina niya. At ang sabi niya, tinawag niya siya, ang sabi, "Inay."

At ang sabi niya, "O, anak, anong kailangan mo?

Ang sabi niya, "Alam mo, maligayang-maligaya ako."

Ang sabi niya, "Natutuwa ako't maligaya ka."

Ang sabi, "Payapa na ako ngayon sa Diyos."

At ang sabi, "Oh, napakainam nito."

Pagkalipas ng ilang minuto ay muli siyang tumawag, ang sabi niya, "Inay."

Ang sabi niya, "Ano iyon?" Ang sabi niya, "Uuwi na ako."

At ang sabi niya, "Alam ko."

Ang sabi niya, "Oo, mahal kong anak," ang sabi, "aalisin na ng duktor ang bata bukas. At isa o dalawang araw lang, 'pag magaling na ang sugat mo at makalalabas ka na rito, ay makauuwi ka na at magiging maligaya kang muli, ikaw at ang iyong asawa, sampu ng inyong mga anak, at mamumuhay kayo bilang mga Cristiano at mamumuhay kayo sa Diyos.

Ang sabi niya, "Inay, ang ibig kong sabihin ay uuwi na ako sa aking makalangit na tahanan."

Ang sabi niya, "Siyanga, mahal ko, doon sa dulo ng paglalakbay." Ang sabi niya, "Ito na ang dulo ng paglalakbay."

labinlimang taon dahil may pagkakautang ako rito, at ganito rito, at kailangan ko ring gawin ang ganito rito."

Ngayon, isa siyang makadiyos na tao, at kailangang maganap ang Salita ng Diyos. Magaganap at magaganap iyon, datapuwat pinigil Niya iyon sa loob ng ilang panahon (kita n'yo?) inilayo Niya iyon sa kaniya. At nagkasala siya sa loob ng panahong iyon. Ang sabi Niya, "Hindi ko iyon padadapuin sa kaniya, ngunit ipapataw ko iyon sa mga anak niya, na magsisidating pagkatapos niya." Alam n'yo kung ano ang nangyari.

59 Ngayon, makikita natin na ang agarang pagsisisi kung minsan ay nakapipigil sa galit ng Diyos nang kaunting panahon.

Ngayon, makikita natin na ang Nineveh. ..Ang sabi ng Diyos,

"Lumusong ka roon at isigaw mo sa bayang iyon ngayon, at sabihin mo sa kanila, 'Kung ... sa loob ng apatnapung araw ay babagsak iyon.'" At, naku, nagsisi talaga sila. Sa sandaling makita nilang dumarating ang propetang iyon sa lansangan, na nagsasabi, 'ITO ANG SABI NG PANGINOON. Babagsak ang lugar na ito sa loob ng apatnapung araw. Babagsak ang lugar na ito." Ang ... Maging ang hari ay nag-utos ng isang pambansang pag-aayuno, pagluluksa, "magsuot kayo ng sako, maglagay kayo ng abo, hindi sa inyong mga ulo kundi sa inyong buong katawan, sa inyong laman, sa inyong mga alagang baka, sa mga hayop na nasa inyong bukid, maglagay kayo ng abo at magsuot ng sako." Anong laking pagsisi niyon.

60 Ngayon, makikita natin doon, mapapansin natin, kung hindi mag-iingat ang propeta (Kita n'yo?), at hindi niya iingatan ang kaniyang pag-iisip, at magtutungo siya sa Diyos, may makikita ka roon, kung hindi ka mag-iingat ...

Ngayon, tingnan n'yo si Isaias; sinalita niya ang kaniyang hula, at nagbalik siya sa kaniyang munting kubo sa ilang. At nang gawin niya iyon, hindi sumagot ang Panginoon sa hari nang magkagayon, hindi na muling nangusap ang Panginoon sa hari na noo'y nananalangin. May paraan siya ng pagsasagawa ng mga bagay-bagay. May propeta sa lupain. Ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa Kaniyang propeta. Pumaroon Siya at nagsabi, "Isaias, balikan mo siya at sabihin mong dininig Ko ang kaniyang mga panalangin. Naunawaan Ko na ...na itinataya niyang aabutin siya ng labinlimang taon para gawin iyon. Nakita Ko ang Kaniyang luha dahil sa tindi ng pagnanasa niyang isagawa iyon. Ayon sa kaniya ay aabutin siya ng labinlimang taon para isagawa iyon. Humayo ka't sabihin sa kaniya na ipagkakaloob Ko iyon sa kaniya. Kita n'yo? Bakit? Inatasan Niya- inatasan Niya si Isaias na sabihan siya, 'ITO ANG SABI NG PANGINOON.' At kung may pagbabago roon, O sakaling magtagal iyon ...Mangyayari't mangyayari

iyon; na -namatay rin naman siya. Ngunit ang sabi ...Kung sakaling ma'y isang bagay doon, katungkulan Niyang balikan ang lalaking iyon na pinagsuguan Niya ng ‘ITO ANG SABI NG PANGINOON.’ Ang sabi Niya kay Isaias, "Bumalik ka roon at sabihan mo siya."

61 Ngayon, iba naman ang inasal ni Jonas, umahon siya roon sa tuktok ng burol at nagsabi, "Buweno, mabuti pang hindi na ako isinilang." At, oh, nagpatuloy siya. At nagpatubo ang Diyos ng munting halamang baging na nagsilbing lilim niya upang malamigan siya roon sa itaas. Ngunit ang sabi niya, "Ngayon, heto't nanaog aka roon at anupa't sasabihin nilang isa akong bulaang propeta." At nangusap ang Diyos sa kaniya, ang sabi, "Tingnan mo ang bayang iyon sa ibaba. Tingnan mo, Jonas, na ang buong bayan ay nagsisising may sako at abo."

At sinabi Niya sa kaniya ang tungkol sa munting halamang baging at ang uod na pumatay dito. Isang araw, kung loloobin ng Panginoon, nais kong pumarito sa Tabemakulo at mangangaral ako ng isang serye tungkol kay Jonas. Oh, napakaraming mga dakila ...Ang hanging nagmumula sa silangan ay umihip at lahat .,. Ay, naku. Napakaraming mga bagay na nakapaloob doon, na sadyang ...Nakatuwwa iyon. Ang mga butil ng kaisipang nakapaloob doon, maititipo ang lahat ng iyon, akma ... Nakapaloob din dito si Jesus Cristo, at lahat ng iba pa. Anupa't bawa't linya sa Biblia ay nagpapahiwatig kay Jesus Cristo. Opo. Iyan ang aralin natin sa Linggo, kaya't makikita natin 'yan, kung loloobin ng Panginoon.

62 At pansinin, may mga bagay na iyong ...Kung sinsero ka at sasabihin mo sa Diyos ... Ngayon, dapat ay mag-ingat ka.

Ngayon, nais kong ipakita sa inyo ang isa pang Jonas sa entablado sa gabing ito. Isang gabi ay may mga taong naparito. Maaaring naririto ang babae (o ang ilan sa kanilang mga kamag-anak) sa gabing ito, kaya't hindi ko na babanggitin ang pangalan; marahil ay kilala ninyo kung sino siya. Ngunit naparito sila, isang butihing lupon ng mga tao, mga kaibigan ko sila. ..Naku, mga -mga tunay ko silang kaibigan" ngunit sila'y ...Yun bang mga uri ng tao na kapag may nagaganap na revival ay nagsisimba sila; pagkatapos ng revival, at malakas ang hatak ng pasanin, ay walang sinuman sa kanila ang humahatak. At lahat ng mga anak nila ay nakalista sa listahan ng mga bata; mayroon pa noong ... may mga klase pa kami noon sampu ng iba pang mga bagay.

63 At isang araw ay umuwi ako mga apat o limang taon na ang nakalilipas, parang gano'n. At ang batang babaeng ito (na humigit kumulang ay walong taong gulang nang ang pangalan niya ay nakalista sa cradle roll), nakapag-asawa siya at nagka-anak ng dalawa at nakaratay siya roon sa ospital at nasa bingit ng kamatayan. Buntis siya ng marahil apat o limang buwan, at namatay

na ang sanggol, at hindi nila siya maoperahan dahil mayroon siyang uremic. At hindi sila makapag-opera, kaya't kailangan na ring hayaang mamatay na lang ang ina. Hindi sila makapagsagawa ng operasyon, at (Kita n'yo?) mamamatay siya gawa ng bata, kaya't kanilang ... Talagang mamamatay na siya at gano'n na lang iyon, wala na siyang pag-asa. Lumabas ako upang malaman kung ipatatawag niya ako. At nagpunta ako sa ospital, at naroon siya sa loob ng oxygen tent. Itinaas ko ang munting takip niyon, kinausap ko siya nang kaunti, at ang sabi ko, "Natatandaan mo ba ako?"

Ang sabi niya, "Aba'y oo, Brother Bill. Natatandaan kita."

Ang sabi ko, "Kumusta ang ...Alam mo ba kung gaano kalala ang sakit mo?"

Ang sabi niya, "Oo." Ang sabi, "Kaya nga pinasundo na kita." Ang sabi ko, "Buweno, kumusta naman kayo ng Panginoon?"

Ang sabi niya, "Brother Bill, ako -ako'y ...Hi - hindi pa ako

handang mamatay."

Buweno, lumuhod kami at nanalangin, kasama ng kaniyang ina at asawa, marami sila sa silid na iyon, at nagsimulang umiyak ang ina at ang asawa niya. At - at pagkatapos ay ti -tinanong ko siya, at nanghingi siya ng tawad sa Diyos, pinunan niya ang mga pagkukulang niya at nagbalik loob at nangako siya sa Diyos, at kung mapapatawad pa siya, talagang mahal niya Siya, at nalungkot siya dahil sa mga kasalanang nagawa niya, at sa naging pamumuhay niya, at nagpatuloy siya sa kaniyang pagsisisi. At pagkalipas ng ilang sandali ay lumabas na ako ng gusali.

64 At ki -kinaumagahan ay tinawagan nila ako upang bumalik doon. Nalaman ko na naparoon sila nang umagang iyon para sa pagsusuri at para makita kung lumalala ang -ang lagay ng kaniyang uremic, at natuklasan nilang wala siyang kahit bahid man lang niyon. Wala nang lahat iyon, lahat ng mga lasong uremic ay wala na sa kaniya. Labis na natuwa ang mga duktor hanggang sa ang sabi nila, "Naku. Aba, dapat natin itong ... nakapagtataka talaga ang bagay na ito." Ang sabi, "Maghanda tayo," at ang sabi pa, "kung mananatiling ganiyan hanggang bukas ng umaga … " Ang sabi, "Patuloy namin siyang bibigyan ng penicillin," o anuman ang ibinibigay nilang gamot sa kaniya, para masugpo ang impeksiyon. Ang sabi, ooperahan namin siya at -at tatanggalin namin ang patay na barn bago pa maging sanhi iyon ng iba pang komplikasyon. Ang sabi, "kung maayos na siya, kung gayon ay ..."

65 Buweno, dalawa o tatlong ulit pa siyang sinuring muli sa araw na iyon.

At kinagabihan, ay sinuri na naman siya, wala nang problema. At hinanda nila siya, inilabas siya sa oxygen tent. Maayos na ang lahat. Ooperahan na siya